

Ama, basbasan din ninyo ako.” At humagulgol si Esau.

³⁹Kaya sumagot si Isaac na kanyang ama: “Titira kang malayo sa kasaganaan ng lupa, malayo sa hamog ng langit. ⁴⁰Mabubuhay ka sa patalim at paglilingkuran mo ang iyong kapatid. Ngunit kapag ninais mo, maaalis mo ang kanyang pamatok sa batok mo.”

Tumago si Jacob sa bahay ni Laban

⁴¹Nagalit si Esau kay Jacob dahil sa bendisyong ipinagkaloob dito ng kanyang ama, at naisaloob niyang “Malapit na ang pagluluksa para sa aking ama. Saka ko papatayin ang aking kapatid na si Jacob.” ⁴²Nang malaman ni Rebeca ang banta ni Esau na kanyang pangana, ipinatawag niya si Jacob na kanyang bunso at sinabi rito: “Gustong gumanti sa iyo ng iyong Kuya Esau, at papatayin ka niya. ⁴³Kaya pakinggan mo ako, anak ko, tumakas ka ngayon din at pumunta kay Labang kapatid kong nasa Haran. ⁴⁴Ilang panahon ka munang tumira sa kanya hanggang humupa ang poot ng iyong kuya. ⁴⁵At kapag hindi na siya galit at nalimutan na ang ginawa mo sa kanya, ipasusundo kita para makabalik dito. Bakit kailangang mawala kayong dalawa sa akin sa iisang araw?”

⁴⁶*Sinabi naman ni Rebeca kay Isaac: “Naka-kaaburido na ang mga Heteang iyan! Ano pa’ng halaga ng buhay kung isa rin lang Heteang tulad nila ang mapapangasawa ni Jacob sa lupaing ito!”*

28 ¹*Ipinatawag ni Isaac si Jacob at binasbasan siya at iniutos: “Huwag kang mag-aasawa ng isang Kananea. ²Magpunta ka*

sa Padan-Aram, sa bahay ni Batuel na ama ng iyong ina, at doon ka humanap ng mapapangasawa mula sa mga anak ni Laban na kapatid ng iyong ina. ³Pagpalain ka nawa ng Makapangyarihang Diyos, gawin kang mabunga at paramihin ang iyong lipi upang ikaw ay maging pagtitipon ng mga bansa. ⁴Ipagkaloob nawa niya sa iyo at sa iyong mga inapo ang pagpapala ni Abraham upang masakop mo ang lupaing tinitirhan mo ngayon na ibinigay ng Diyos kay Abraham.”

⁵*Pinaalis na ni Isaac si Jacob, at nagpunta nga ito sa Padan-Aram, kay Labang anak ng Arameong si Batuel at kapatid ni Rebecang ina nina Jacob at Esau.*

⁶*Nakita ni Esau na binasbasan ni Isaac si Jacob at pinapunta sa Padan-Aram upang doon humanap ng mapapangasawa, at sa pagbabasbas sa kanya ay iniutos na “Huwag kang mag-aasawa ng Kananea.” ⁷At sa pagsunod sa kanyang ama at ina, nagpunta nga si Jacob sa Padan-Aram. ⁸Naunawaan ni Esau na hindi kasiya-siya sa kanyang amang si Isaac ang mga babaeng Kananea. ⁹Kaya pinuntahan niya si Ismael at kinuhang asawa – bukod sa kanyang mga asawa na – si Majalat na anak ni Ismael na anak ni Abraham at kapatid ni Nebaiot.*

Panaginip ni Jacob

• ¹⁰Umalis si Jacob sa Berseba patungong Haran. ¹¹Pagdating niya sa isang lugar, tumigil siya roon dahil lubog na ang araw, at doon pinalipas ang gabi. Kinuha niya ang isa sa mga bato roon at inunan, at nahiga siya para matulog.

¹²Nang natutulog na si Jacob, nanaginip siya na may nakatindig na hagdan

• **28.10** *Umalis si Jacob sa Berseba patungong Haran.* Umalis si Jacob para maghanap ng trabaho at asawa sa lupain ng kanyang mga ninuno. Nagkaroon siya sa daan ng isang pangitain sa pagpapanibagong-tipan sa kanya ng Diyos.

Kaiba kay Abraham na tinawag ng Diyos nang siya’y matanda na’t alam na ang kahalagahan ng buhay, si Jacob ang taong unti-unting namumulat sa kanyang bokasyon. Una, binili niya kay Esau ang karapatan nito ng pagkapanganay sapagkat hinusgahan niya ito at itinuring na iresponsable. Ngunit hindi pa rin niya alam ang presyo ng pagpapala ng Diyos sa kanyang mga ninuno. Pagkatapos ay kailangang palakasin ng kanyang ina ang loob niya para makipagsapalaran siyang nakawin ang bendisyon. Nagpakumbinsi siya at sa huli na lamang niya naunawaan ang resulta ng kanyang ginawa: kailangang tumakas siya para malligtas ang kanyang buhay.

Subalit kung kailan kailangang harapin ni Jacob ang mapanganib na buhay ng isang dayuhan at takas, saka niya nakatagpo ang Diyos at sa unang pagkakatao’y nagising siya sa kanyang responsabilidad: sa mundo’y siya ang nag-iisang tagapagdala ng mga pangako ng Diyos. Responsable ang taong alam na may pananagutan siya at kayang panagutan ang kanyang mga kilos. Naiintindihan ni Jacob na dapat siyang managot sa Diyos na humirang sa kanya.

Talaga palang nasa lugar na ito si Yawe. Nag-iisa at walang kalaban-laban si Jacob sa pagtulog niya, malapit sa isang lunsod ng mga banyaga. Ngunit muling pinagtitiyag ng Diyos sa kanya ang mga pangakong binitiwang nito sa kanyang mga ninuno at tinitiyak ang kanyang pangangalaga: mapapasaiyo balang araw ang lupaing ito.

Ito ang Pinto ng Langit. Nakita ni Jacob na bukas ang langit at bumubuo ng buhay na tulay ang mga

sa lupa na abot-langit ang tuktok, at akyat-panaog doon ang mga anghel ng Diyos.¹³ At nakatayo sa tabi niya si Yawe at sinabi sa kanyang “Ako si Yaweng Diyos ni Abraham na iyong ama at Diyos ni Isaac. Ibigay ko sa iyo at sa iyong mga inapo ang lupang tinutulugan mo.¹⁴ Matutulad sa alabok ng lupa ang iyong mga inapo at kakalat ka sa kanluran at sa silangan, sa hilaga at sa timog. At makikita ng lahat ng bansa sa lupa ang aking pagpapala sa pamamagitan mo at ng iyong inapo.¹⁵ Tingnan mo, ako’y sumasaiyo at lagi kitang iingat saan ka man pumunta. Ibabalik kita sa lupaing ito at hindi kita iiwan hanggang hindi ko natutupad ang aking ipinangako.”

¹⁶Nagising si Jacob at kanyang sinabi: “Talaga palang nasa lugar na ito si Yawe pero hindi ko alam.”¹⁷ Natakot siya at sinabi: “Nakakatakot ang lugar na ito!

anghel ng Diyos sa gitna ng langit at lupa: ito ang larawan ng pakikipagniig sa Diyos na bigong hinahanap ng mga tao sa iba’t iba nilang relihiyon. Makapagbibigay sa atin ang mga ito ng ilang panlabas na kaalaman tungkol sa Diyos at mabibigyang-kasiyahan ang ating likas na damdaming relihiyoso. Subalit gaano man isaloob ng taong makasalanan ang paghahanap niya sa Diyos, hindi pa rin siya mataagpuan sa kaibuturan ng kanyang sarili sa tuwiran at personal na pagtatagpo.

Si Kristo ang tanging tulay sa pagitan ng Diyos at ng mga tao: ang Anak ng Diyos na naging tao, parehong Diyos at tao. At sa pagtukoy sa tekstong ito (Jn 1:15), ipahahayag ni Jesus na siya mismo ang Pinto ng Langit, dahil sa kanya niyakap ng Diyos ang sangka-tauhan.

Pinangalanan niyang Betel ang lugar na iyon. Matutunghayan natin dito tulad sa naunang mga kabanata ang mga popular na alamat. Bahay ng Diyos ang ibig sabihin ng Betel at pinalalabas ng sumulat ng Biblia na si Jacob ang nagpangalan sa lugar na ito pati na ang kaugalian ng pagbabayad ng ikapu sa templo ng Betel.

MGA PANAGINIP

Nakatatawag-pansin sa ating lahat ang mga panaginip at sinisikap nating bigyang-kahulugan ang mga iyon. At mas madalas e wala namang ipinahahayag na anuman ang mga ito kundi nagpapahiwatig lamang ng nangyayari sa kalooban natin, sa ating “subconscious”, ng hindi natin nalalaman nang malinaw tungkol sa ating espiritu. Magagamit ng sikolohiya ang mga panaginip para

Ito’y walang iba kundi ang Bahay ng Diyos at Pinto ng Langit!”

¹⁸Maagang gumising si Jacob at kinuha niya ang batong kanyang inunan at itinayo iyon bilang haligi at binusan ito ng langis.¹⁹ Pinangalanan niyang Betel ang lugar na iyon na dating tinatawag na Luz.²⁰ At sumumpa si Jacob: “Kung sasaakin si Yawe at pangangalagaan niya ako sa paglalakbay kong ito, at bibigyan ako ng tinapay na makakain at damit na maisusuot,²¹ at pabalik akong maluwalhati sa bahay ng aking ama, at magpapakadiyos para sa akin si Yawe,²² magiging bahay ng Diyos ang batong ito na itinayo ko bilang haligi at ibabalik ko ang ikapu ng lahat ng ibinibigay mo sa akin.”

Si Jacob sa bahay ni Laban

29 • ¹Nagpatuloy si Jacob at dumating sa lupain sa silangan. ²Nakita niya roon ang

madiskubre ang mga bakas o mga sugat na hatid ng kahapon.

Maaari ring magpahiwatig o maghayag ng mga kutob at sapantaha ang mga panaginip. Ipinakikita sa atin ng Biblia na ginagamit ng Diyos (o ng kanyang mga anghel) ang mga panaginip para makipag-usap sa atin. Dito tinatanggap ng Diyos ang tao kung ano siya at isinasalang-alang ang kanyang pag-iisip. Sa resulta malalaman kung ang Diyos nga ang nakikipag-usap sa panaginip. Sinabi ni Jesus: “Sa bunga nakikilala ang puno.” Sa gayong mga pagkakataon, ang Diyos mismo ang nagbibigay ng paliwanag: hindi natin kailangang maghanap pa o pumunta kaninuman at iniwan niya tayong may ganap na kapanatagan.

Para sa mga taong may dinalisay at malalim na pananampalataya, hindi nila masyadong pinahahalagan ang mga panaginip tulad ng pagpapahalaga ng mga sambayanan noong unang panahon sa Biblia. Alam din natin na ang Espiritu ng Kadiliman ay makapagpapanggap bilang anghel (2 Cor 11:14). Kung ngayo’y malaking bahagi ng sangka-tauhan ang parang umaasa sa mga panaginip para sa kanilang direksyon sa buhay, wala itong kinalaman sa pananampalataya. Sa Biblia, bukod sa mga pagtatakwil at pagtuligsa sa Dt 18:10, mababasa rin natin sa Jer 29:8 ang pagbatikos sa mga nakapanaginip sa gusto nilang mapanaginipan. Tingnan din sa Sir 34:1.

• **29.1** Inilalahad ng mga kabanata 29-31 si Jacob bilang masipag at tusong trabahador na nagtiwala sa mga pangako ng Diyos. Nagtagumpay siya sa wakas, hindi talaga dahil sa sariling pagsisikap kundi sa pagpapala ng Diyos ng kanyang mga ninuno.

isang balon na may tatlong kawan ng mga tupa sa malapit. Sa balong ito pinaiinom ang mga kawan, at may isang malaking tipak ng bato na nakaharang sa balon. ³Kapag naroon na ang buong kawan, pagugulungin ng mga pastol ang batong nakaharang sa balon, paiinum ang mga kawan at saka muling ihaharang ang bato sa bunganga ng balon.

⁴Nagtanong si Jacob sa mga pastol: “Mga kapatid, taga-saan kayo?” Sumagot ang mga ito: “Taga-Haran kami.” ⁵At sinabi naman niya: “Kilala ba ninyo si Labang apo ni Nahor?” Sumagot ang mga pastol: “Oo, kilala namin siya.” ⁶At itinanong ni Jacob: “Mabuti ba naman ang lagay niya?” Sumagot ang mga ito: “Oo, mabuti naman. At hayan si Raquel na anak niya, kasama ang mga tupa!”

⁷At sinabi ni Jacob: “Tingnan ninyo, mataas pa ang araw, hindi pa oras para tipunin ang mga kawan. Painumin na ninyo ang mga tupa at dalhin sila sa pastulan.” ⁸Ngunit sinabi ng mga pastol: “Hindi namin magagawa ’yon hanggang hindi natitipon dito ang buong kawan at napagulong na ang batong nasa bunganga ng balon. Saka pa lamang namin mapaiinom ang mga tupa.”

⁹Nakikipag-usap pa si Jacob sa kanila nang dumating si Raquel kasama ang mga tupa ng kanyang ama sapagkat siya ay isang pastol. ¹⁰Pagkakita ni Jacob kay Raquel na anak ni Labang kapatid ng kanyang ina, lumapit siya sa balon at pinagulong ang bato mula sa bunganga ng balon at pinainom ang mga tupa ni Labang tiyo niya. ¹¹At hinalikan ni Jacob si Raquel at umiyak nang malakas.

¹²Sinabi ni Jacob kay Raquel na kamag-anak siya ng ama nito at anak ni Rebeca, at tumakbo naman ito para ipagbigay-alam sa kanyang ama. ¹³Nang malaman ni Laban ang tungkol kay Jacob na anak ng kanyang kapatid, patakbo niyang sinalubong iyon. Pagkatapos niyang yakapin at halikan si Jacob, pinatuloy niya ito sa kanyang bahay. Isinalaysay ni Jacob sa kanya ang lahat ng nangyari. ¹⁴At sinabi ni Laban: “Talaga ngang ikaw ay aking laman at dugo!” At tumigil doon si Jacob nang isang buwan.

Dalawang pag-aasawa ni Jacob

¹⁵Sinabi ni Laban kay Jacob: “Huwag mong sabihing maglilingkod ka sa akin nang libre dahil kamag-anak kita. Sabihin mo, magkano ang suweldong gusto mo?”

¹⁶May dalawang anak na dalaga si Laban: Lea ang pangalan ng panganay at Raquel naman ang pangalan ng bunso. ¹⁷Walang

ningning ang mga mata ni Lea, ngunit maganda ang katawan at mukha ni Raquel at kaakit-akit. ¹⁸Nagkagusto si Jacob kay Raquel at sinabi niya: “Maglilingkod ako sa inyo nang pitong taon bilang kapalit ng bunso ninyong anak na si Raquel.” ¹⁹Sumagot si Laban: “Mas mabuti ngang sa iyo ko siya ibigay kaysa iba; manatili ka ritong kasama ko.”

²⁰Kaya pitong taong nagtrabaho si Jacob para mapasakanya si Raquel ngunit parang ilang araw lamang iyon sa kanya dahil mahal niya si Raquel. ²¹At sinabi ni Jacob kay Laban: “Ibigay na ninyo sa akin ang aking asawa sapagkat tapos ko na ang aking taning, gusto ko na siyang makasama.” ²²Kaya inanyayahan ni Laban ang lahat ng tagaroon at naghanda nang malaki. ²³Ngunit kinagabihan, ang anak niyang si Lea ang pinapasok niya kay Jacob, at nakipagtalik naman dito si Jacob.

²⁴*Ibinigay ni Laban kay Lea ang kanyang aliping si Zelfa bilang utusan.*

²⁵Kinaumagahan – siya pala si Lea! Kaya sinabi niya kay Laban: “Ano ang ginawa ninyo sa ’kin? Hindi ba’t naglingkod ako dahil kay Raquel? Ba’t ninyo ’ko nilinlang?” ²⁶Sinabi ni Laban: “Hindi namin kaugalian na ipakasal ang bunso nang una sa panganay. ²⁷Tapusin mo muna ang pagdiriwang ng kasal, at ibibigay ko rin sa iyo ang aking bunsong anak. Ngunit kailangang maglingkod ka sa akin nang pitong taon pa.” ²⁸Sumang-ayon si Jacob, at pagkatapos ng isang linggo sa piling ni Lea, ibinigay sa kanya ni Laban ang anak na si Raquel upang maging asawa niya.

²⁹*Ibinigay naman ni Laban kay Raquel ang aliping si Bila bilang utusan niya.* ³⁰Nakipag-talik din si Jacob kay Raquel, at mas minahal niya si Raquel kaysa kay Lea. At nagpatuloy siyang nagtrabaho para kay Laban nang pitong taon pa.

Mga anak ni Jacob

³¹Nang makita ni Yawe na hindi minamahal si Lea, pinapanganak niya ito; ngunit baog naman si Raquel. ³²Nabuntis si Lea at nagkaanak ng isang lalaki na pinangalanan niyang Ruben dahil sinabi niyang “Nakita nga ni Yawe ang aking kahihyan. Tiyak na mamahalin na ako ngayon ng aking asawa.” ³³Muli siyang naglihi at nagkaanak ng isa pang lalaki, at sinabi niyang “*Narinig* ni Yawe na ako’y binabale-wala, kaya ipinagkaloob din niya sa akin ang anak na ito.” At pinangalanan niya iyon ng Simeon. ³⁴Naglihi na naman siya at nanganak ng isa pang lalaki, at kanyang sinabi: “*Mas magugustuhan* na ako ngayon ng aking asawa

sapagkat nabigyan ko siya ng tatlong anak na lalaki.” Kaya pinangalanan niyang Levi ang sanggol. ³⁵Muli siyang naglihi at nagkaanak na naman ng isang lalaki, at sinabi niya: “*Pupurihin* ko si Yawe sa pagkakataong ito.” Kaya pinangalanan niyang Juda ang bata. Pagkatapos ay hindi na siya nagkaanak.

30 ¹Nanaghili si Raquel sa kanyang kapatid dahil hindi niya mabigyan ng anak si Jacob, at sinabi niya: “Bigyan mo ako ng anak, o mamamatay ako.” ²Nagalit si Jacob sa kanya at sinabi: “Ako ba ang Diyos na nagkait sa iyo ng mga anak?” ³At sinabi niya: “Hayan ang aking aliping si Bila; makipagtalik ka sa kanya upang manganak siya sa aking mga tuhod at maging akin ang anak.” ⁴At ibinigay niya ang kanyang aliping si Bila kay Jacob bilang asawa. At nakipagtalik si Jacob sa kanya. ⁵Nabuntis si Bila at nagkaanak kay Jacob ng isang lalaki. ⁶At sinabi ni Raquel: “*Binigyang-katarungan* din ako ng Diyos! At pinakinggan niya ang aking tinig at binigyan ako ng anak na lalaki.” Kaya pinangalanan niyang Dan ang sanggol. ⁷Naglihi na naman si Bilang alipin ni Raquel at nagkaanak ng ikalawang lalaki kay Jacob, ⁸at sinabi ni Raquel: “*Nakipaglaban* ako nang mahigpit sa aking kapatid at nagtagumpay ako!” Kaya pinangalanan niya itong Neftali.

⁹Nang hindi na nanganganak si Lea, ibinigay niya ang kanyang aliping si Zelfa kay Jacob bilang asawa. ¹⁰Nagkaanak ng lalaki si Zelfa kay Jacob. ¹¹Sinabi ni Lea: “*Napakasuwerte* ko!” kaya pinangalanan niya siyang Gad. ¹²Nag-anak ng isa pang lalaki kay Jacob si Zelfang alipin ni Lea. ¹³At sinabi ni Lea: “*Napakasaya* ko! Tatawagin akong *masaya* ng mga babae,” kaya pinangalanan niyang Aser ang sanggol.

¹⁴Panahon ng anihan ng trigo, at lumabas sa kaburulan si Ruben at nakakita siya ng mga mansanitas na ligaw na dinala niya sa kanyang inang si Lea. Sinabi ni Raquel kay Lea: “Bigyan mo naman ako ng kaunting mansanitas na ligaw na dala ng iyong anak!” ¹⁵Ngunit sumagot si Lea: “Hindi pa ba sapat na agawin mo ang aking asawa at gusto mo pang kunin ngayon ang dalang mansanitas ng aking anak?” Kaya sinabi ni Raquel: “Sige, sa iyo sisiping si Jacob mayayang gabi bilang kapalit ng mga mansanitas ng iyong anak.” ¹⁶Kinahapunan, pag-uwi ni Jacob mula sa bukid, sinalubong siya ni Lea at sinabi: “Matutulog kang kasiping ko ngayong gabi sapagkat inarkila kita ng mga mansanitas ng aking anak!”

Kaya nakipagtalik si Jacob sa kanya nang gabing iyon. ¹⁷Dininig ng Diyos si Lea at nabuntis siya at nagkaanak ng ikalimang lalaki kay Jacob. ¹⁸Sinabi ni Lea: “*Ginantimpalaan* ako ng Diyos sapagkat ibinigay ko sa aking asawa ang aking alipin.” Pinangalanan niyang Isacar ang sanggol. ¹⁹Nagkaanak ng isa pang lalaki si Lea kay Jacob. ²⁰At sinabi niyang: “Napakagandang regalo ng Diyos! Tiyak na sa akin na *pipisan* ngayon ang aking asawa sapagkat nabigyan ko siya ng anim na anak.” Pinangalanan niya itong Zabulon. ²¹Nang lumuon, nanganak siya ng isang babae at pinangalanan niyang Dina.

²²At inalala rin ng Diyos si Raquel na nanalangin na siya’y maging ina. ²³Nabuntis siya at nagsilang ng isang lalaki. Sinabi niya: “Inalis ng Diyos ang aking kahihyan.” ²⁴Pinangalanan niyang Jose ang sanggol, at sinabing “*Dagdagan* pa sana ako ni Yawe ng isa pang anak na lalaki.”

Iba pang mga kuwento

²⁵Pagkapanganak ni Raquel kay Jose, sinabi ni Jacob kay Laban: “Pauwiin na ninyo ako sa aking sariling bayan. ²⁶Ibigay ninyo sa akin ang aking mga asawa at mga anak na dahilan ng paglilingkod ko sa inyo. Alam naman ninyo kung paano ako nagtrabaho para sa inyo.” ²⁷Sinabi ni Laban: “Pagbigyan mo pa ako, huwag ka munang umalis. Sapagkat nalaman kong pinagpala ako ni Yawe dahil sa iyo.” ²⁸At idinugtong niya: ²⁹“Sabihin mo kung magkano ang gusto mo at ibibigay ko sa iyo.” Sinabi ni Jacob: “Alam ninyo kung paano ko kayo pinaglingkuran at kung paanong dumami ang inyong mga tupa sa pag-aalaga ko. ³⁰Napakalaki na ang inilago ng kaunti ninyong ari-arian bago ako dumating, at pinagpala kayo ni Yawe. Kailan pa ako makapagtatrabaho sa aking sambahayan?” ³¹Itinanong ni Laban: “Ano ang maibibigay ko sa iyo?”

Sumagot si Jacob: “Wala kayong dapat ibigay sa akin. Ngunit kung gagawin ninyo ang sasabihin ko, patuloy kong aalagaan ang inyong kawan. ³²Pipilian ko ngayon ang inyong kawan at ibubukod ko ang lahat ng tupa at kambing na itim, guhitan at may batik. Ang mga iyon ang magiging upa ninyo sa akin. ³³Mapapatunayan ninyo ang katapatan ko bukas kung susuriin ninyo ang aking upa. At maituturing ninyong nakaw ang lahat ng kambing na walang batik o tagpi at ang hindi itim na tupa na makikita ninyo sa aking pag-aari.” ³⁴Sinabi ni Laban: “Sangayon ako. Gawin natin ang iyong sinabi.”

³⁵Nang araw ding iyon, ibinukod ni Laban ang mga barako at inahing kambing na may tagpi o guhit, lahat ng may batik na puti at lahat ng itim na tupa. Ibinigay niya ang mga iyon sa kanyang mga anak. ³⁶At pinapunta niya sa malayo si Jacob – mga tatlong araw na lakad ang layo. Patuloy na ipinastol ni Jacob ang natira sa mga kawan ni Laban. ³⁷Nang magkagayo’y pumutol si Jacob ng mga sariwang sanga ng mga puno ng almond, kakawate at estorake. Kinayasan niya ang mga ito para magkaguhit ng puti. ³⁸At inilagay niya ang mga sanga sa inuman ng mga hayop upang makita ng mga iyon tuwing iinom. ³⁹Sa pag-aasawahan ng mga hayop sa harap ng mga sanga, nagkakaanak ang mga iyon ng mga may guhit, batik o tagpi. ⁴⁰At ibinukod niya ang mga batang tupa ngunit ang iba’y pinaharap niya sa mga hayop na may guhit, batik o tagpi na pag-aari ni Laban, kaya nakabuo siya ng sariling kawang inihiwalay niya sa mga kawan ni Laban. ⁴¹Sa tuwing mag-aasawahan ang malulusog na hayop, inilagay ni Jacob ang mga kinayasang sanga sa inuman para makita iyon ng mga ito. ⁴²Ngunit kapag mahihina, hindi niya inilagay ron ang mga sanga, kaya mahihina ang napupunta kay Laban samantalang kay Jacob ang malalakas. ⁴³Kaya naging napakayaman niya – mayamang-mayaman – at nagkaroon siya ng napakaraming inahing tupa, maraming aliping babae at lalaki, at mga kamelyo at mga asno.

Umuwi si Jacob sa sariling bayan

31 ¹Napag-alaman ni Jacob na sinasabi ng mga anak ni Laban: “Kinamkam ni Jacob ang lahat ng ari-arian ng ating ama, at nakapagpayaman siya.” ²At napansin ni Jacob na hindi na tulad nang dati ang pagtingin sa kanya ni Laban.

³At sinabi ni Yawe kay Jacob: “Umuwi ka na sa bayan mo, sa lupain ng iyong mga ninuno. Ako ay sasaiyo.” ⁴Ipinatawag ni Jacob sina Raquel at Lea sa bukid na kinaroroonan ng kanyang mga kawan. ⁵Sinabi ni Jacob sa kanila: “Nakikita kong nagbago na ang pagtingin sa akin ng inyong ama, ngunit sumasaakin ang Diyos ng aking ama.” ⁶Alam ninyong ubos-lakas kong pinaglingkuran ang inyong ama. ⁷Ngunit dinaya niya ako at makasampung ulit na pinalitan ang aking sahod. Subalit hindi ipinahintulot ng Diyos na pinsalain niya ako. ⁸Kapag sinasabi niyang – Ang mga may tagpi ang magiging sahod mo – nag-aanak naman ng mga tupang may batik ang buong kawan. At kung sabihin naman niyang – Ang mga guhitan

ang magiging sahod mo – nagkakaanak din ng mga guhitang tupa ang mga kawan.

⁹Ang Diyos ang kumuha sa kawan ng inyong ama at ibinigay sa akin ang mga ito. ¹⁰Sapagkat sa panahon ng pag-aasawahan ng mga hayop, napanaginipan kong guhitan, may batik o tagpi ang mga barakong kambing na nakababa sa mga inahin.

¹¹At sinabi sa akin ng Anghel ng Diyos sa panaginip – Jacob! – at sumagot naman ako – Narito ako. ¹²At sinabi niya – Tingnan mong mabuti at guhitan o may batik o tagpi ang lahat ng barakong nakababa sa mga inahin. Nakita ko ang lahat ng ginagawa sa iyo ni Laban. ¹³Ako ang Diyos na napakita sa iyo sa Betel kung saan mo binusan ng langis ang isang haligi at sumumpa sa akin. Umalis ka ngayon din sa lupain ito at umuwi sa bayang sinilangan mo.”

¹⁴Sumagot sina Raquel at Lea: “May kaparte pa ba kami sa ari-arian ng aming ama? ¹⁵Hindi ba’t mga dayuhan na ang turing niya sa amin mula nang ipagbili kami at lustayin ang pinagbilhan sa amin? ¹⁶Pero kinuha ng Diyos ang lahat ng kayamanan ng aming ama at ibinigay sa amin at sa aming mga anak. Kaya gawin mo ngayon ang lahat ng sinabi sa iyo ng Diyos.”

¹⁷Kaya isinakay ni Jacob sa mga kamelyo ang kanyang mga anak at mga asawa, ¹⁸at dinala ang buo niyang kawan at lahat ng natipon niya sa Padan-Aram *para umuwi sa kanyang amang si Isaac sa lupain ng Kanaan.* ¹⁹Sinamantala naman ni Raquel ang paggugupit ni Laban sa balahibo ng mga tupa, at ninakaw ang mga sagradong rebulto ni Laban. ²⁰Sa ganitong paraan nilinlang ni Jacob si Labang Arameo sa hindi niya pagpapaalam sa kanyang pag-alis. ²¹Tumakas siyang dala ang lahat niyang ari-arian, tumawid sa Ilog Eufrates patungong kabundukan ng Galaad.

²²Makaraan ang tatlong araw, nabalitaan ni Laban na tumakas si Jacob. ²³Isinama niya ang kanyang mga tauhan at hinabol si Jacob, at inabutan sa kabundukan ng Galaad makaraan ang pitong araw. ²⁴Ngunit napakita ang Diyos kay Labang Arameo sa panaginip at sinabi sa kanyang “Mag-ingat ka sa pakikipagtalos kay Jacob.” ²⁵Nakapagpatayo na ng kanyang tolda si Jacob sa kabundukan ng Galaad nang abutan siya ni Laban. At doon na rin tumigil si Laban at ang kanyang mga tauhan. ²⁶At sinabi ni Laban kay Jacob: “Ano ang ginawa mo at nilinlang mo ako at dala mo pa ang aking mga anak na parang mga bilanggo sa digma? ²⁷Ba’t ka palihim na umalis at nilinlang ako? Bakit hindi

ka nagsabi sa akin? Inihatid ko sana kayo sa gitna ng tuwa at awitan, sa saliw ng tamborin at alpa. ²⁸Hindi mo man lang pinahalikan sa akin ang aking mga apo at mga anak para makapagpaalam sa kanila. Isang kahangalan ang ginawa mo. ²⁹Puwede kitang saktan ngunit binalaan ako kagabi ng Diyos ng iyong ama at sinabing – Mag-ingat ka sa pakikipagtalo kay Jacob. ³⁰Kung umalis ka dahil nananabik kang makauwi sa bahay ng iyong ama, bakit naman ninakaw mo pati ang aking mga sagradong rebulto?”

³¹Sumagot si Jacob kay Laban: “Natatakot kasi ako na baka bawiin ninyo sa akin ang inyong mga anak! ³²Ngunit dapat mamatay ang sinumang makita ninyong may dala sa inyong mga sagradong rebulto. Sa harap ng ating mga kapatid, tingnan ninyo kung mayroong nasa akin na inyong ari-arian, at kunin ninyo.” Hindi alam ni Jacob na ninakaw ni Raquel ang mga sagradong rebulto. ³³Kaya pumasok si Laban sa tolda ni Jacob, at saka sa tolda ni Lea at sa tolda ng dalawang aliping babae. Ngunit wala siyang nakita. Pagkalabas ni Laban sa tolda ni Lea, pumasok naman siya sa tolda ni Raquel. ³⁴Ngunit dinala ni Raquel ang sagradong rebulto at inilagay sa ilalim ng inuupuan niya sa kamelyo. Hinalughog ni Laban ang buong tolda ngunit wala siyang nakita. ³⁵Sinabi ni Raquel sa kanyang ama: “Huwag kayong magalit sa akin, aking panginoon, at hindi ako tumitindig sa inyong harap sapagkat ngayon ang panahon ko.” Kaya kahit na naghanap si Laban ay hindi niya nakita ang mga sagradong rebulto.

³⁶Kaya nagalit si Jacob at sinumbatan si Laban, at nag-usig: “Ano ang aking pagkaka-sala? Anong kasalanan ang nagawa ko para ako’y sundan ninyo? ³⁷Ngayong nahalughog na ninyo ang lahat kong ari-arian, may nakita ba kayong pag-aari ninyo? Kung mayroon, ipakita ninyo sa harap ng inyong pamilya at ng aking pamilya, at pabayaang sila ang humatol sa ating dalawa.

³⁸Dalawampung taon ninyo akong kasama, at hindi nakunan ang inyong mga inahing kambing at tupa. Ni hindi ako kumain kahit isa man sa mga barako ng inyong kawan. ³⁹Wala akong dinala sa inyong hayop na nasila ng mababangis na hayop sapagkat pinalitan ko mismo ang mga iyon. At siningil ninyo sa akin ang anumang ninakaw sa araw o sa gabi. ⁴⁰Hindi ako makahinga kung araw dahil sa init at nagtitiis ako ng lamig sa gabi, at halos hindi ako makatulog.

⁴¹Dalawampung taon ninyo akong kasama. Labing-apat na taon akong naglingkod sa inyo para sa dalawa ninyong anak at anim na taon para sa inyong mga kawan, at sampung ulit ninyong binago ang aking sahod. ⁴²Kung hindi sumaakin ang Diyos ng aking ama, ang Diyos ni Abraham at ang Kinatatakutang Diyos ni Isaac, siguradong pinalayas na ninyo ako nang walang dala kahit ano. Ngunit nakita ng Diyos ang aking paghihirap at ang pagtatrabaho ng aking mga kamay, at ibinaba niya kagabi ang kanyang hatol.”

⁴³Sumagot si Laban kay Jacob: “Mga anak ko ang mga babae, mga apo ko ang mga bata, kawan ko ang mga kawang ito. Akin ang lahat ng nakikita mo. Masasaktan ko ba ngayon ang aking mga anak o ang kanilang mga anak? ⁴⁴Halika, gumawa tayo ng kasunduan, ikaw at ako, at iyon ang gawin nating saksi.” ⁴⁵Kumuha si Jacob ng bato at itinayo iyon bilang haligi. ⁴⁶At sinabi niya sa kanyang mga kapatid: “Mamulot kayo ng mga bato.” Kaya namulot sila ng mga bato at pinagpatung-patong ang mga iyon, at kumain sila sa tabi nito. ⁴⁷Tinawag iyon ni Laban ng Yagar-Saaduta pero Galed ang itinawag dito ni Jacob. ⁴⁸Sinabi ni Laban: “Saksi natin sa araw na ito ang buntong ito ng mga bato.” Iyon ay tinawag namang Galed ⁴⁹at kilala rin bilang Mispa dahil sinabi niyang “Bantayan nawa tayo ni Yawe kapag malayo na tayo sa isa’t isa. ⁵⁰Kapag hiniya mo ang aking mga anak at kumuha ka ng ibang asawa bukod sa kanila, hindi tao ang hahatol sa ‘yo kundi ang Diyos na saksi sa ating kasunduan.” ⁵¹At sinabi pa ni Laban kay Jacob: “Narito ang buntong ito ng bato at ang haliging itinayo ko sa pagitan nating dalawa. ⁵²Ang mg ito ang sasaksi na hindi ako lalampas sa buntong ito para saktan ka at hindi ka rin lalampas sa haliging ito para saktan ako. ⁵³Ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Nahor, ang Diyos nawa ng kanilang ama ang humatol sa atin.”

At sumumpa si Jacob sa Ngalan ng Kinatatakutang Diyos ng kanyang amang si Isaac. ⁵⁴Nag-alay siya ng mga hain sa bundok at inanyayahang kumain ang kanyang mga kapatid. Doon sila nagpalipas ng gabi pagkakain.

32 • ¹ Kinaumagahan, maagang gumising si Laban, hinalikan ang kanyang mga apo at mga anak, at binasbasan ang iyon at saka umuwi.

• **32.1** Nasa tumatakas na Jacob ang mga pagpapala ng Diyos. Walang pagod siyang

nagtrabaho, at pagkatapos ng labinlimang tao’y may dalawa na siyang asawa, maraming anak at di-

² Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglalakbay at sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos. ³ Pagkakita ni Jacob sa kanila, naibulalas niyang “Dito nananahan ang Diyos,” at tinawag niyang Majanaim ang lugar na iyon.

Nakipaglaban si Jacob sa Diyos

⁴ Nagpadala ng mga paunang sugo si Jacob sa kanyang kapatid na si Esau sa lupain ng Seir, sa rehiyon ng Edom ⁵ at inutusan ang mga ito: “Ibigay ninyo ang pahatid na ito sa aking panginoong si Esau mula kay Jacob na kanyang lingkod – Nabuhay ako ritong kasama ni Laban hanggang ngayon. ⁶ Mayroon akong mga baka at mga asno at mga tupa, mga aliping lalaki at babae. Ginusto kong magpasabi sa iyo, aking panginoon, upang hindi mo naman ako masamain.” ⁷ Nagbalik ang mga sugo at sinabi kay Jacob: “Nakipagkita kami sa inyong kapatid na si Esau at paparito na siya upang makipagtagpo sa inyo, kasama ang apatnaraang tauhan.”

⁸ Lubhang natakot si Jacob at pinanghinaan ng loob. Kaya hinati niya sa dalawang grupo ang mga taong kasama niya, pati ang mga baka, mga tupa, mga kambing at mga kamelyo.

⁹ Naisip niyang “Kapag dumating si Esau at sinalakay ang isang kampo, makatatakas naman ang isa pa.” ¹⁰ At nanalangin si Jacob: “Yaweng Diyos ni Abraham, Diyos ng aking amang si Isaac, ikaw ang nagsabi sa akin – Umuwi ka sa iyong bayan, sa iyong angkan at pasasaganain kita. ¹¹ Hindi ako karapat-dapat sa kabutihang-loob at katapatang ipinakita mo sa akin. Wala akong dala kundi ang aking tungkod nang tumawid ako sa Jordan, at ngayo’y may dalawang kampo na ako.

¹² Iligtas mo ako sa kamay ng aking kapatid na si Esau sapagkat natatakot ako na baka pagdating niya’y patayin kaming lahat, maging ang mga ina at mga bata. ¹³ Ngunit ikaw rin ang nagsabing – Pasasaganain kita at gagawin kong tulad ng buhangin sa dalampasigan ang iyong lahi, na hindi kayang bilangin.” ¹⁴ At doon nagpalipas-gabi si Jacob.

Mula sa kanyang mga ari-arian, pumili siya ng maireregalo niya sa kanyang kapatid na si Esau: ¹⁵ dalawandaang inahing kambing at dalawampung barakong kambing, dalawandaang inahing tupa at dalawampung barakong tupa, ¹⁶ tatlung kamelyong ginagatasan at ang mga bisiro niyon, apatnapung inahing baka at sampung toro, dalawampung inahing asno at sampung barakong asno. ¹⁷ Inilagay niya ang mga iyon sa pangangalaga ng kanyang mga alipin, isa sa bawat kawan, at sinabi niya sa kanyang mga alipin: “Umuna kayo sa akin, at lagyan ninyo ng pagitan ang bawat kawan.” ¹⁸ Tinagubilinan niya ang nasa unahan: “Kapag sinalubong ka ng aking kapatid na si Esau at itanong – Sino ang may-ari sa iyo? – at – Saan ka pupunta? – at – Kanino ang mga hayop na ipinapastol ninyo?” ¹⁹ Sumagot kayo – Kay Jacob na inyong lingkod ang mga ito. Regalo niya ang mga ito na ipinadadala niya sa aking panginoong si Esau. Kasunod namin si Jacob na paparito.” ²⁰ Inutusan din ni Jacob ang ikalawa at ikatlong alipin at lahat ng sumusunod sa mga kawan: “Ganito rin ang sasabihin ninyo kay Esau kapag nasalubong ninyo siya – ²¹ Kasunod namin ang inyong lingkod na si Jacob!” – sapagkat napag-isip-isip niyang “Mapaglulubag ko ang loob niya sa mga regalong una kong ipinadadala. At itutunghay na niya ang aking mukha sa paghaharap namin.” ²² Kaya ipinauna niya ang mga regalo pero sa kampo pa rin siya nagpalipas ng gabi.

• ²³ Nang gabing iyon, bumangon si Jacob at tinipon ang dalawa niyang

mabilang na ari-arian. Sa panahong iyon siya bumabalik sa sariling bayan at naghahanda para harapin si Esau na kanyang kapatid at kalaban.

Lubhang natakot si Jacob at pinanghinaan ng loob. Sa kanyang kabalisahan, nanalangin si Jacob sa Diyos para ipaalaala sa kanya ang Pangako niya at ang kanyang “katapatan”, o ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa kanya at sa kanyang mga ninuno. At su-

masagot naman ang Diyos ayon sa pamamaraan nito, medyo mahiwagang paraan, sa isang pangitain sa gabi.

• ²³. *Isang lalaki ang nakipagbuno sa kanya hanggang sa madaling-araw.* Paghaharap ito ng Diyos at ni Jacob. Tinatanggap ng Diyos ang pagkatalo at ipinagkakaloob ang kanyang pagbabasbas.

asawa, ang dalawang aliping babae at labing-isang anak para tumawid sa Ilog Yabok. ²⁴Pinatawid niya sila at ipinadalarin sa kabilang ibayo ang lahat niyang ari-arian. ²⁵At naiwang mag-isa si Jacob.

At isang lalaki ang nakipagbuno sa kanya hanggang madaling-araw. ²⁶Nang makita ng lalaki na hindi niya kaya si Jacob, hinampas niya ito sa singit at nalinsad iyon. ²⁷Sinabi ng lalaki: “Pakawalan mo ako sapagkat sumisikat na ang araw.” Ngunit sinabi ni Jacob: “Hindi kita bibitiwan hanggang hindi mo ako binabasasan.”

²⁸Tinanong siya ng lalaki: “Ano ang pangalan mo?” Sumagot siya: “Jacob.” ²⁹At sinabi ng lalaki: “Mula ngayo’y hindi ka na tatawaging Jacob kundi Israel (na ang kahuluga’y *Lakas ng Diyos*) sapagkat nakipaglaban ka sa Diyos at sa mga tao, at ikaw ang nangibabaw.” ³⁰At sinabi naman ni Jacob: “Sabihin mo sa akin ang

pangalan mo?” Sumagot ito: “Bakit mo itinatanong ang pangalan ko?” At binasbasan niya roon si Jacob.

³¹Kaya Panuel ang itinawag ni Jacob sa lugar na iyon, (ibig sabih’y Mukha ng Diyos) sapagkat sinabi niya: “Harap-harapan kong nakita ang Diyos at buhay pa rin ako.” ³²Sumikat ang araw habang nagdaraan sa Panuel si Jacob na pipilay-pilay dahil sa kanyang balakang.

³³Kaya hanggang sa araw na ito, hindi kumakain ng litid sa hita ng hayop ang mga Israelita, sapagkat iyon ang bahaging hinipo kay Jacob.

Pagkikita nina Esau at Jacob

33 ¹Natanaw ni Jacob na dumarating si Esau kasama ang apatnaraang tauhan. Kaya pinaghati niya ang mga bata kina Lea at Raquel at sa dalawang aliping babae. ²Pinapuwesto niya sa harap ang mga aliping babae at ang

May mga pagkakataong mas nakikilala natin ang sarili sa pagtulog kaysa kung tayo’y gising. Ganito ang nangyari kay Jacob. Sa pakikipagbuno niya sa Diyos nang gabing iyon, naunawaan niya na ang kanyang mga pagpapagod at mga pagsubok ay higit pa pala sa pakikipagharap sa lipunan at sa *mga tao*; isa itong pakikipagbuno sa *Diyos*. Pinangakuan siya ng tagumpay ng Diyos ngunit hindi niya ito ibibigay hanggang di nauubusan ng lakas si Jacob.

Sapagkat mas nauunawaan ni Jacob ang dahilan ng napakaraming pagsubok at pagkabalang, kinakausap niya mismo ang humaharap sa kanya ngayon sa daan at siya lamang makapagpapabago sa kalooban ni Esau. Naging malakas si Jacob laban sa Diyos, hindi siya humingi ng pabor o kaunting tulong, kundi sinasabi niyang kailangan nitong tuparin ang *kanyang mga pangako*: *Hindi kita bibitiwan hanggang hindi mo ako binabasasan*.

Ang panalangin ni Jacob ay hindi pagiging sunud-sunuran na ayon sa ilan ay katangian ng magaling na mananampalataya. Hindi lamang pagtanggap sa kalooban ng Diyos ang panalangin, na para bang matagal na iyong nakasulat sa langit, o kaya’y paghingi ng lakas para matanggap ito: pamimilit din sa Diyos ang panalangin, taglay ang pananalig sa kanyang mga pangako at kaalamang pinakikinggan niya tayo. Kung hindi tayo magkakaroon ng bahagi sa mga pagpapasya ng Diyos na may kinalaman sa atin at sa pamamahala sa mundo, magiging huwad ang Tipan.

Sa mga krus na daan ng buhay, sa gitna ng posibilidad na manatiling walang pagbabago o mahigant ang sarili, alam ng sumasampalataya na ibibigay sa

kanya ng Diyos itong huli kung hihingin niya iyon nang may pananampalataya.

Hinampas niya ito sa singit at nalinsad iyon. Matapos ang matagal na pagkatapon, nakikipagharap si Jacob sa Diyos nang gusto na niyang puwersahang pumasok sa Lupang Pangako. Sa katunaya’y walang iba kundi pagpapaloob sa misteryo ng Diyos ang pagpasok sa Lupang ito. Gustong ibahagi sa atin ng Diyos ang kanyang buhay ngunit malayo itong mangyari para sa taong malakas, at nakasisiguro sa kanyang sarili at sa kanyang mga daan. Kaya nga sa pagpasok natin, dumarating ang Diyos para subukin tayo. Anumang dagok o kasawampalad o krisis ang danasin natin, naiwan tayong sugatan at para nang mga dayuhan sa daigdig na ito. Pumapasok si Jacob na *pipilay-pilay* sa Lupang Pangako dahil inilalaan din iyon ni Jesus sa mga umiiyak, sa mga nauuhaw sa katarungan, sa mga di-marahas.

Mula ngayo’y tatawagin kang Israel. Hindi nawawala ang pangalang Jacob o ang kahulugan nito: ang Aktibista, ang Manloloko. Ngunit magiging Israel din siya: Malakas-laban-sa-Diyos. Jacob-Israel ang pangalang tataglayin ng bayan ng Diyos. Sa buo nilang kasaysaya’y walang-tigil sa pagkakasala ang Israel at maraming beses silang paluluhurin ng Diyos. Subalit lagi pa ring magpapatalo ang Diyos at magpapatawad sa kanyang bayan sa oras na ipaalala nila sa kanya ang kanyang mga pangako.

Pagkatapos ng pagwawagi ni Jacob kailangang mapasailalim ng mga plano ng Diyos ang mga pangyayari. Hindi hinahadlangan ni Esau ang pagbabalik ni Jacob sa lupain ng kanyang mga ninuno.

mga anak nila, kasunod si Lea at ang mga anak nito at nasa hulihan sina Raquel at Jose. ³Ngunit siya mismo ang tumayo sa unahan at pitong ulit na yumuko sa lupa bago lumapit sa kanyang kapatid.

⁴Tumakbo si Esau para salubungin siya, niyakap sa leeg at hinalikan. At kapwa sila umiyak. ⁵Nang makita ni Esau ang mga babae at ang mga bata, sinabi nito: “Ano mo ba ang mga ito?” Sumagot si Jacob: “Sila ang mga anak na bigay ng Diyos sa iyong lingkod.”

⁶At lumapit ang mga alipin kasama ang kanilang mga anak at yumuko. ⁷Lumapit din si Lea at ang kanyang mga anak at yumuko, at pagkatapos ay lumapit sina Jose at Raquel at yumuko din.

⁸Itinanong ni Esau: “Ano mo ang mga grupong nasalubong ko?” Sumagot si Jacob: “Pasalubong ko sa iyo upang makuha ko ang iyong loob.” ⁹Sumagot si Esau: “Kapatid ko, marami na ako niyan. Huwag na, sa iyo na ang mga iyan.” ¹⁰Ngunit sinabi ni Jacob: “Huwag mo namang tanggihan. Utang na loob, tanggapin mo na ang regalo ko sapagkat naparito ako para humarap sa iyo tulad ng pagharap sa Diyos, at buong kagandahang-loob mo naman akong tinanggap. ¹¹Kaya tanggapin mo na ang pasalubong ko sa iyo sapagkat nagmagandang-loob sa akin ang Diyos at mayroon ako ng lahat.” At napilit din ni Jacob si Esau.

¹²At sinabi ni Esau: “Tayo na at ituturo ko ang daan.” ¹³Pero sinabi ni Jacob: “Alam ng aking panginoon na hindi makapagmamadali ang mga bata at isa pa’y inaalala ko ang mga inahing tupa at ang mga bakang may guya. Kung mapagpagod ang mga iyon kahit sa loob ng isang araw lamang, maaaring mangamatay ang buong kawan. ¹⁴Kung ikasi-siya ng aking panginoon na magpauna na sa akin, mabagal akong lalakad kasunod ng mga baka at ng mga bata hanggang abutan ko ang aking panginoon sa Seir.”

¹⁵Sinabi ni Esau: “Kung gayon, bayaan mong iwan ko sa iyo ang ilan sa aking mga tauhan.” Sumagot naman si Jacob: “Bakit? Sapat na sa akin na wala ka nang sama ng loob.”

¹⁶At bumalik si Esau sa Seir nang araw ding iyon. ¹⁷Ngunit nagtuloy si Jacob sa Sukot. Doon siya nagtayo ng kanyang bahay at ng silungan ng kanyang mga hayop. Kaya tinawag na Sukot ang nasa-bing lugar.

¹⁸Sa kanyang pagbabalik mula sa Padan-Aram, maluwalhating nakarating si Jacob sa siyudad ng Sikem sa Kanaan, at nanirahan sa tapat ng lunsod. ¹⁹Binili niya ng isandaang pirasong pilak mula sa mga anak ni Hamor na ama ni Sikem ang lupang kinatitirikan ng kanyang tolda. ²⁰Doon siya nagtayo ng altar at tinawag niyang Diyos na El, Diyos ng Israel, ang lugar na iyon.”

Ginahasa si Dinang anak ni Jacob

34 ¹Minsan, bumisita si Dinang anak ni Jacob kay Lea sa kababaihan ng bayang iyon. ²Pagkakita sa kanya ni Sikem na anak ni Hamor na Heveo na siyang prinsipe ng nabanggit na lupain, hinila niya ito at ginahasa. ³Naakit siya kay Dinang anak ni Jacob, at nagustuhan niya ang dalaga at sinuyo ito nang buong-giliw. ⁴Sinabi ni Sikem sa kanyang amang si Hamor: “Kunin mo ang dalagang ito para maging asawa ko.”

⁵Nabalitaan ni Jacob kung paanong nadungisan ang dangal ng kanyang anak na si Dina, ngunit hindi siya kumibo hanggang makauwi ang kanyang mga anak na lalaki buhat sa pag-aalaga ng kanyang mga kawan sa parang. ⁶Nakipagkita kay Jacob si Hamor na ama ni Sikem at nakipag-usap sa kanya. ⁷Nang makauwi na ang mga anak na lalaki ni Jacob galing sa parang, at nalaman ang nangyari, gayon na lamang ang galit nila sa ginawa ni Sikem na kahihyan sa Israel sa pang-aabuso niya sa anak ni Jacob – isang bagay na hindi dapat gawin. ⁸Ngunit kinausap sila ni Hamor at sinabi: “Labis na umiibig ang aking anak na si Sikem sa inyong anak na babae. Pahintulutan ninyong maging asawa siya ng anak ko. ⁹Maging magkakamag-anak tayo; ibigay ninyo sa amin ang inyong mga dalaga, at kunin naman ninyo ang mga dalaga namin. ¹⁰Sa aming piling na kayo tumira, makukuha ninyo ang lupain at

makapupunta kayo kahit saan, at angkinin iyon.”¹¹ Kinausap naman ni Sikem ang ama at mga kapatid na lalaki ni Dina: “Patawarin sana ninyo ako; ibibigay ko sa inyo ang anumang hingin ninyo sa akin.”¹² Itakda ninyo ang halagang babayaran ko at anumang regalang gusto ninyo, at babayaran ko anuman ang hingin ninyo, ibigay ninyo lamang siya sa akin bilang asawa.”

¹³ Dahil sa pagkalapastangan kay Dina, naging matalino at tuso ang mga anak na lalaki ni Jacob sa pagsagot kina Sikem at Hamor na ama nito: ¹⁴ “Hindi namin maibibigay ang aming kapatid sa isang lalaking supot – isang kahihiyan ito para sa amin.”¹⁵ Papayag lamang kami sa kundisyong ito: na ikaw at ang lahat ng lalaki sa inyo ay magiging tulad namin – magpatuli kayo.”¹⁶ At ibibigay namin sa inyo ang aming anak na babae at kukunin naman namin ang inyo, makikipamuhay kami sa inyo at tayo’y magiging isang bayan.”¹⁷ Pero kung ayaw ninyong magpatuli, kukunin namin ang aming kapatid at aalis na kami.”¹⁸ Naging kasiya-siya kay Hamor at kay Sikem na anak nito ang kanilang sinabi.”¹⁹ Hindi nag-aksaya ng panahon si Sikem para gawin ang hinihingi sa kanya sapagkat gusto niya ang anak na dalaga ni Jacob. Siya ang pinakamalakas sa sambahayan ng kanyang ama.

²⁰ Kaya nagpunta sa pintuan ng kanilang lunsod si Hamor at si Sikem na kanyang anak, at kinausap ang kanilang mga kababayan ²¹ at sinabing “Hindi dapat katakutan ang mga lalaking ito. Bayaan nating makapamuhay sila rito at makagala nang malaya. Sapat ang lawak ng lupain para sa kanila. Magiging asawa natin ang kanilang mga anak na dalaga, at ipakakasal naman natin ang ating mga anak na dalaga sa kanila.”²² Ngunit may isang kundisyon ang mga lalaking ito para makikipamuhay sa piling natin bilang isang bayan, at iyan ay kung magpapatuli tayong gaya nila.”²³ Kung papayag tayo, magiging atin din ang kanilang mga kawan, ang kanilang mga ari-arian at lahat ng iba pa nilang hayop. Kaya gawin natin ang kanilang hinihingi at dito na sila maninirahan.”

²⁴ Sumang-ayon kina Hamor at Sikem ang lahat ng nagtipon sa may pintuan ng lunsod, at nagpatuli ang lahat ng lalaki.

²⁵ Pagkalipas ng tatlong araw, nang naramdaman pa ng mga nagpatuli ang kirot, kinuha ng dalawa sa mga anak na lalaki ni Jacob na sina Simeon at Levi na mga kapatid ni Dina ang kanilang mga tabak at biglang pinasok ang lunsod.”²⁶ Pinatay nila sina Hamor at Sikem at lahat ng lalaki, at kinuha si Dina mula sa bahay ni Sikem at saka tumakas.”²⁷ Tinuntungan naman ng ibang mga anak ni Jacob ang mga patay, at sinamsam ang mga ari-arian ng lunsod dahil sa pagkalapastangan sa kanilang kapatid.”²⁸ Sinamsam din nila ang mga baka ng mga ito, ang mga tupa, ang mga asno, ang lahat ng nasa lunsod at lahat ng nasa parang,”²⁹ lahat ng kayamanan ng mga ito, pati ang kababaihan at mga bata. Sinamsam nila ang lahat ng nasa mga bahay.

³⁰ At sinabi ni Jacob kina Simeon at Levi: “Binigyan ninyo ako ng malaking problema, kamuhi-muhi ako ngayon sa mga taga-lupaing ito ng mga Kananeo at Perezao. Kaunti lamang ang aking mga tauhan at kung magkaisa sila laban sa akin at salakayin tayo, malilipol ako at ang buo kong sambahayan.”³¹ Ngunit sumagot sila: “Papayagan ba nating ituring nilang baeng bayaran ang aming kapatid?”

Si Jacob sa Betel

35 • ¹ Sinabi ng Diyos kay Jacob: “Umahon ka sa Betel at doon ka manirahan. Magtayo ka roon ng altar sa Diyos na napakita sa iyo nang tumatakas ka sa iyong kapatid na si Esau.”² Kaya sinabi ni Jacob sa kanyang pamilya at sa lahat ng kasama niya: “Itapon ninyo ang lahat ng banyagang diyos na nasa inyo. Magpakalinis kayo ng inyong mga sarili at magpalit ng damit.”³ Aahon tayo sa Betel. Doon ako magtatayo ng altar sa Diyos na nakinig sa akin nang nasa panganib ako at sumaakin sa aking paglalakbay.”

⁴ Kaya ibinigay nila kay Jacob ang lahat ng banyagang diyos na nasa kanila pati ang kanilang mga hikaw, at ibinaon ni Jacob ang mga iyon sa ilalim ng sagradong punong malapit sa Sikem.”⁵ At umalis sila at nangibabaw ang takot sa lahat ng karatig-lunsod kaya walang nanga-has humabol sa kanila.

⁶ Si Jacob at ang lahat ng kasama niya ay dumating sa Luz – na siya ring Betel – sa lupain ng Kanaan.”⁷ Nagtayo siya ng altar doon at

• **35.1** Hindi maisasabuhay sa pag-iisa ang panampalataya. Kayat sinisimulan ni Jacob na bumuo ng isang komunidad sa pag-uutos sa lahat ng kanyang mga tao na alisin ang kanilang mga diyus-diyusan. Nang gawin nila ang kongkreto at nakikitang hakbang

na ito na isang malaking sakripisyo para sa kanila, sila ang naging unang sambayanang may kakayahang magbigay-saksi sa mundo sa kanilang panampalataya sa isang Diyos.

tinawag na El-Betel ang lugar sapagkat doon napakita sa kanya ang Diyos nang tumatakas siya sa kanyang kapatid.⁸ Nang panahong iyon, namatay si Deborang ina sa suso ni Rebeca, at inilibing siya sa may sagradong puno sa ibaba ng Betel. Kaya tinawag iyong Punongkahoy ng Luha.

⁹ *Muling napakita ang Diyos kay Jacob pagkagaling niya sa Padan-Aram at pinagpala siya,*¹⁰ *at sinabi sa kanya: "Jacob ang pangalan mo pero hindi ka na tatawaging Jacob sapagkat Israel na ang magiging pangalan mo."* Kaya pinangalanan niya siyang Israel.¹¹ *At sinabi sa kanya ng Diyos: "Ako ang Diyos ng Kaitaasan! Maging mabunga ka at magparami. Hindi lamang isang bansa, kundi pagtitipon ng mga bansa ang magmumula sa iyo. Isisilang mula sa iyo ang mga hari."*¹² *Ibibigay ko rin sa iyo at sa iyong lahi ang lupaing ibinigay ko kina Abraham at Isaac."*¹³ *At pagkatapos makipag-usap sa kanya sa lugar na iyon, iniwan siya ng Diyos.*¹⁴ Nagtayo si Jacob ng isang haliging bato sa lugar kung saan nakipag-usap sa kanya ang Diyos, at binusan ng handog na inumin at ng langis.¹⁵ Tinawag ni Jacob na Betel ang lugar na iyon kung saan nakipag-usap sa kanya ang Diyos.

¹⁶ Umalis sila sa Betel, at nang malapit na sila sa Efrata, nanganak si Raquel.¹⁷ Nahirapan siya at sinabi sa kanya ng hilot sa kanyang panganganak: "Lakasan mo ang iyong loob, huwag kang matakot! Lalaki na naman ang anak mo."¹⁸ At bago siya nalagutan ng hininga, pinangalanan niyang Ben-Oni ang kanyang anak

(o anak ng aking paghihirap) ngunit tinawag naman siyang Benjamin (*anak ng aking kawang kamay*) ng kanyang ama.¹⁹ Kaya namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Efrata, iyon ang Betlehem,²⁰ at nagtayo si Jacob ng haliging bato sa libingan na siya pa ring palatandaan hanggang sa panahong ito.

²¹ Nagpatuloy si Israel at itinayo ang kanyang tolda pagkalampas sa Migdal-Eder.²² Nang naninirahan na si Israel sa lupaing iyon, nakipagtalik si Ruben kay Bilang asawang-alipin ng kanyang ama, at nalaman iyon ni Israel.

Ang labindalawang anak ni Jacob

• Nagkaroon ng labindalawang anak si Jacob.

²³ *Kay Lea: si Ruben na panganay niyang anak, sina Simeon, Levi, Juda, Isacar at Zabulon.*

²⁴ *Kay Raquel: Jose at Benjamin.*

²⁵ *Kay Bilang alipin ni Raquel: Dan at Neftali.*

²⁶ *Kay Zelfang alipin ni Lea: Gad at Aser.*

Ang mga ito ang mga anak na isinilang kay Jacob sa Padan-Aram.

²⁷ *Umuwi si Jacob sa kanyang amang si Isaac sa Mambre na malapit sa Kiryat-Arbe (iyon ang Hebron) na pinamayanan nina Abraham at Isaac bilang mga dayuhan.*²⁸ *Isandaa't walumpung taon si Isaac*²⁹ *nang siya ay mamatay at yumao sa piling ng kanyang mga ninuno – matanda at mayaman sa taon. Inilibing siya ng kanyang mga anak na sina Esau at Jacob.*

• 22. MGA ANAK NI JACOB

Nabanggit na natin na iniingatan ng Biblia ang ilang alaala tungkol kina Abraham, Isaac, at Jacob sa mga alamat (tingnan sa 11:26). Liban sa tatlong ito, napa-tunayan na ang ibang pangalan tulad ng Ruben, Simeon, Juda... ay hindi talagang tumutukoy sa mga tunay na tao. May sariling paraan ng pag-alaala sa mga lumipas na mga pangyayari ang mga tribung pagalagala. Lumikha sila ng mga kuwento na bawat tribu ay kinakatawan ng isang taong may gayon ding pangalan. Halimbawa, labindalawang tribu ang nagkabuklod sa iisang bayan: ipinahahayag nila ito sa pagsasabing may labindalawang ninuno na may gayong mga pangalan ang mga tribung iyon, at mga anak sila ng iisang ama, si Jacob-Israel. At dahil apat sa mga tribung ito, na mga tribu nina Ruben, Simeon, Levi at Juda ay bumubuo ng ibang grupo sa simula kaysa kinabibilangan ng mga tribu nina Jose at Benjamin, ang mga nasa unang grupo ay itinuring na mga anak ng nag-iisang ina, si Lea na asawa ni Jacob at ang iba nama'y mga anak ng isa pang asawa ni Jacob, si Raquel.

Isang marahas na pangyayari ang tinutukoy ng salaysay sa kabanata 34. May alitan noon ang mga tribu ng Simeon at ng Levi sa sambayanan ng Sikem (isang lunsod ang Sikem at hindi isang tao). Ganito rin ang dapat maintindihan tungkol kay "Laban, ang Arameo" (kabanata 31) at kay Juda at sa kanyang mga anak (38), kay Esau na larawan ng bayan ng Edom, na karatig-bayan at kalaban ng Israel (26:30 at 36:1).

Iपालिwanag nito sa atin kung bakit mula pa noong una'y binigyang-interpretasyon na ng mga eksperto sa Biblia ang maraming bagay-bagay tungkol sa kasaysayan ng mga Patriyarka ayon sa mga simbolo.

Labindalawang tribu ang bumubuo sa bayan ng Israel at lagi nilang gustong alalahanin ang bilang na ito na itinuturing nilang sagrado (tingnan kab. 48). Aalalahanin din ni Jesus ang matandang istrukturang ito ng bayan ng Diyos sa pagtatatag niya sa kanyang Iglesya bilang bagong bayan ng Diyos at sa pagpili niya ng labindalawang apostol para pamunuan ito.

Si Esau, ang ama ng mga Edomita

36 ¹Ito ang salaysay ng lahi ni Esau (na si Edom din). ²Nag-asawa si Esau ng mga Kananea: si Ada na anak ni Elong Heteo, si Olibama na anak ni Ana at apo ni Sebeong Heveo, ³si Besemat na anak naman ni Ismael at kapatid ni Nebaiot. ⁴Naging anak ni Ada kay Esau si Elifaz, naging anak naman ni Besemat si Rahuel, ⁵naging anak ni Olibama sina Yeus, Ihelon at Kore. Ito ang mga naging anak ni Esau na isinilang sa Kanaan. ⁶Nagpunta si Esau sa lupain ng Seir at dinala niya ang kanyang mga asawa at mga anak, lahat ng bumubuo sa kanyang sambahayan, pati mga kawan at mga hayop at lahat ng ari-arian niya sa Kanaan para lumayo sa kanyang kapatid na si Jacob. ⁷Kap-wa sila napakayaman kayat hindi sila makapamuhay nang magkasama dahil masikip ang lupa para sa kanilang mga kawan. ⁸At si Esau na si Edom din ay nanirahan sa kaburulan ng Seir.

⁹Ito ang salaysay ng lahi ni Esau, ang ama ng mga Edomita sa kaburulan ng Seir. ¹⁰Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Esau: Elifaz na anak ni Adang asawa ni Esau, Rahuel na anak ni Besemat na asawa rin ni Esau.

¹¹Ang mga anak ni Elifaz: Teman, Omar, Sefo, Gatam at Cenez. ¹²Asawang-alipin naman ni Elifaz si Timna, at ipinanganak nito si Amalek. Ito ang mga apo ni Adang asawa ni Esau.

¹³Ang mga anak ni Rahuel: Najat, Zaraj, Samma at Meza. Sila ang mga apo ni Besemat na asawa ni Esau. ¹⁴Ang mga anak ni Olibamang asawa ni Esau at anak ni Ana at apo ni Sebeon: Yehus, Ihelon at Kore.

¹⁵Ito ang mga pinuno sa lahi ni Esau. Ang mga anak ni Elifaz na panganay ni Esau: Teman, Omar, Sefo, Cenez, ¹⁶Kore, Gatam, Amalek. Sila ang mga pinunong galing kay Elifaz na mga apo ni Ada sa lupain ng Edom. ¹⁷Ang mga anak ni Rahuel na anak ni Esau: Majat, Zara, Samma, Meza. Sila ang mga pinunong galing kay Rahuel na mga apo ni Besemat na asawa ni Esau sa lupain ng Edom. ¹⁸Ang mga anak ni Olibamang asawa ni Esau: Yehus, Ihelon, Kore. Sila ang mga pinunong galing kay Olibamang asawa ni Esau at anak ni Ana. ¹⁹Ito ang mga anak ni Esau, na si Edom din, at sila ang kanilang mga pinuno.

²⁰Ito ang anak ni Seir, ang Horritang nakatira sa lupaing iyon: Lotan, Sebal, Zebeon at Ana,

²¹Dison, Eser at Disan. Sila ang mga pinunong

Horrita na mga anak ni Seir sa lupain ng Edom. ²²Ang mga anak ni Lotan: Hori at Hemam, at si Tamna na kapatid na babae ni Lotan. ²³Ang mga anak ni Sebal: Alvan, Manahat, Ebal, Sefe at Onam. ²⁴Ang mga anak ni Zebeon: Aia at Ana. Si Ana ang nakatuklas ng mainit na bukal sa disyerto nang ipinapastol niya ang mga asno ng kanyang amang si Zebeon. ²⁵Ang mga anak ni Ana: Dison at si Olibamang anak na babae ni Ana. ²⁶Ang mga anak ni Dison: Hamdan, Eseban, Yetram at Karam. ²⁷Ang mga anak ni Eser: Balaan, Zavan at Akan. ²⁸Mga anak ni Disan: Hus at Aram.

²⁹Ito ang mga pinunong Horrita: Lotan, Sebal, Zebeon, Ana, ³⁰Dison, Eser, Disan. Sila ang mga pinuno ng mga Horrita ayon sa kanilang tribu sa lupain ng Seir.

³¹Ito ang mga naghari sa lupain ng Edom bago naghari ang isang haring Israelita. ³²Naghari sa Edom si Bela na anak ni Beor, at tinawag na Dinaba ang kanyang siyudad. ³³Namatay si Bela at humalili sa kanya si Yobab na anak ni Zerang taga-Bosra. ³⁴Namatay si Yobab at humalili si Husam na Temanita. ³⁵Namatay si Husam at humalili si Hadad na anak ni Bedad. Nilupig niya ang mga Madianita sa lupain ng Moab, at tinawag na Avit ang kanyang lunsod. ³⁶Namatay si Hadad at humalili si Semla ng Masreka. ³⁷Namatay si Semla at humalili si Saul ng Rejobot sa Ilog. ³⁸Namatay si Saul at humalili si Balanan na anak ni Akbor. ³⁹Namatay si Balanan at humalili si Adar at tinawag na Fau ang kanyang lunsod. Si Metable ang kanyang asawa na anak na babae ni Matred na anak na babae naman ni Mezaab. ⁴⁰Ito ang mga pangalan ng mga pinunong galing kay Esau ayon sa kanilang angkan at nasasakupan: Tamna, Alva, Yefet, ⁴¹Olibama, Ela, Finon, ⁴²Cenez, Teman, Mabaar, ⁴³Magdiel, Iram. Ito ang mga pinuno ng Edom ayon sa kanilang mga tirahan sa lupaing kanilang sinakop. Ito si Esau, ang ama ng mga Edomita.

37 ¹Namuhay naman si Jacob sa Kanaan, ang lupaing tinirhan ng kanyang ama. ²Ito ang salaysay ng lahi ni Jacob.

Si Jose at ang kanyang mga kapatid

• Si Jose ay isang binatang labimpitong taong gulang. Nagpapastol siya ng mga kawan, kasama ang kanyang mga kapatid na mga anak nina Bila at Zelfa

• **37.2** Dito nagsisimula ang istorya ni Jose at nagpapatuloy hanggang sa wakas ng Genesis bilang

tulay mula sa mga Patriyarka at sa mga susunod na pangyayari ng Exodo.

na mga asawa ng kanyang ama. At isinumbong niya ang mga ito sa kanyang ama. ³Mas mahal ni Israel si Jose sa lahat niyang anak sapagkat isinilang si Jose sa kanyang katandaan. Kayat ipinagpatahi pa niya ito ng damit na mahaba ang manggas. ⁴Kinamuhian naman si Jose ng kanyang mga kapatid sa pagkakita nilang mas mahal siya ng kanilang ama, at hindi na nila siya kinausap nang maayos.

⁵Nanaginip si Jose, at nang ikuwento niya iyon sa kanyang mga kapatid, lalo lamang silang namuhi. ⁶Sinabi niya: “Pakinggan ninyo ang aking panaginip. ⁷Nagbibigkis daw tayo ng mga uhay ng trigo sa bukid nang biglang nanatiling nakatayo ang aking bigkis, at pumaligid naman at yumuko ang inyong mga bigkis sa aking bigkis.” ⁸Sinabi ng kanyang mga kapatid: “Ikaw pa yata ang maghahari sa amin. O baka naman ikaw ang makapangyayari sa amin?” At lalo siyang kinamuhian dahil sa kanyang panaginip at sa kanyang sinabi.

⁹Nanaginip na naman si Jose at ikinuwento din niya iyon sa kanyang mga kapatid: “Makinig kayo. Napanaginipan ko na yumuyuko sa akin ang araw, ang buwan at ang labing-isang bituin.” ¹⁰At pinagsabihan din siya ng kanyang ama: “Ano itong panaginip mo? Kami bang

lahat – ako, ang iyong ina at mga kapatid – ay yuyuko sa harap mo?”

¹¹Nagselos sa kanya ang kanyang mga kapatid ngunit tinandaan ito ng kanyang ama.

Ipinagbili si Jose ng mga kapatid niya

• ¹²Ipinastol ng kanyang mga kapatid ang kawan ng kanilang ama sa Sikem, ¹³at sinabi ni Israel kay Jose: “Ipinapastol ng iyong mga kapatid ang mga kawan sa Sikem. Halika at papupuntahin kita sa kanila.” Sumagot si Jose: “Narito ako.” ¹⁴At sinabi ni Israel: “Pumunta ka at tingnan mo kung maayos ang lagay ng iyong mga kapatid at ng mga kawan. At bumalik ka rito para ibalita sa akin.” Pinaalis siya ni Jacob mula sa Lambak ng Hebron at dumating si Jose sa Sikem. ¹⁵Nakita siya ng isang lalaki nang mawala siya sa kaparangan, at tinanong siya: “Ano ang hinahanap mo?” ¹⁶Sumagot siya: “Hinahanap ko ang aking mga kapatid. Pakituro mo naman kung saan nila ipinapastol ang kanilang mga kawan.”

¹⁷Sumagot ang lalaki: “Umalis na sila rito. Narinig kong sinabi nilang – Tayo na sa Dotan.” Kayat sinundan ni Jose ang kanyang mga kapatid at nakita ang mga iyon sa Dotan. ¹⁸Malayo pa si Jose ay natanaw na siya nila at napagkaisahan nilang patayin siya bago pa siya maka-

Ipinakikita na si Jose na pangalawa sa bunsong anak ni Jacob ang pinakaimportante sa labindalawang magkakapatid. Sinasabi sa atin ng mga panaginip ng batang si Jose na hindi nagkataon lamang ang lahat ng mangyayari sa kanya, kundi may silbi sa mga plano ng Diyos: sa pamamagitan niya ililigtas ng Diyos ang buo niyang pamilya sa pagkagutom.

Ang mahaba at madamdaming istorya ni Jose na ipinagbili ng kanyang mga kapatid at naging tagapaligtas nila.

Mas mahal ni Israel si Jose sapagkat isinilang si Jose sa kanyang katandaan. Siya ang pinakamamahal at siya rin ang pinakapino. Sa piling ng kanyang mga kapatid na may kagaspangan at walang pakundangan, nagpapakita si Jose ng kadakilaan: mula pa sa kanyang pagkabata, ipinapakita na ng anak na ito ng mga pastol na may magandang kinabukasang naghihintay sa kanya.

Dalawa sa labindalawang tribu ang namumukod-

tangi: ang tribu ng Juda at ng Jose. Tingnan ang paliwanag sa Josue 13 tungkol dito. Kaya laging binabanggit ng mga tradisyon tungkol sa “mga patriyarka” o mga ama ang dalawang anak na ito ni Jacob.

• 12. Umabot sa kabaliwan at krimen ang inggit sa magkakapatid. Hinayaan ng Diyos na magkakasalungat na mga daan ang tahakin ng magkakapatid, ang ilan tungo sa kabutihin, ang iba nama’y sa kasamaan. Ngunit hindi ito nangangahulugan na pinababayaang kinailalimutan ng “mabubuti” ang “masasama”. Ililigtas ni Jose ang kanyang mga kapatid.

Inaanayahan tayo ng istoryang ito na makitang ang mga pagsubok ay naghahatid sa atin sa mas espirituwal na buhay. At dinadala naman tayo ng mas malalim na buhay-espirituwal na ito sa mas mabungang buhay-pamilya at panlipunan.

lapit sa kanila. ¹⁹ Sinabi nila sa isa't isa: "Narito na ang eksperto sa panaginip!" ²⁰ Patayin na natin siya at itapon sa alinmang balon. Sabihin nating nilapa siya ng isang mabangis na hayop. At tingnan natin kung may mangyari sa kanyang mga panaginip!" ²¹ Nang marinig ito ni Ruben, sinikap niyang mailigtas si Jose sa kamay ng mga kapatid ²² at sinabing "Huwag natin siyang patayin, huwag nating padanakin ang kanyang dugo! Ihulog na lamang natin siya sa patay na balong ito sa ilang pero huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay." Sinabi niya ito para mailigtas si Jose at maibalik sa kanilang ama.

²³ Pagdating na pagdating ni Jose, hinubad sa kanya ng kanyang mga kapatid ang damit na may mahabang manggas, ²⁴ at dinala siya at inihagis sa balong walang tubig.

²⁵ At nang maupo sila para kumain, natanaw nila ang pulutong ng mga Ismaelitung galing sa Galaad. May dalang maraming panimpla, balsamo at mira para dalhin sa Ehipto.

²⁶ At sinabi ni Juda sa kanyang mga kapatid: "Ano ang mapapala natin sa pagpatay sa ating kapatid at pagtatago sa kanyang dugo?" ²⁷ Mabuti pang ipagbili na lang natin siya sa mga Ismaelita at huwag siyang pagbuhatan ng kamay sapagkat kapatid natin siya at sarili nating laman!" At sumang-ayon ang kanyang mga kapatid.

²⁸ Kaya nang dumaan ang mga manga-

ngalakal na Madianita, iniahon nila si Jose mula sa balon. Ipinagbili nila siya sa halagang dalawampung pirasong pilak. At dinala ng mga Ismaelita si Jose sa Ehipto. ²⁹ Nang bumalik si Ruben sa balon, wala na roon si Jose. Winarak niya ang kanyang damit ³⁰ at bumalik sa kanyang mga kapatid at sinabi: "Wala na roon ang bata. Ano ang gagawin ko ngayon?" ³¹ Kinuha nila ang damit ni Jose, pumatay ng isang kambing at inilubog ang damit sa dugo niyon. ³² Dinala nila ang damit na may mahabang manggas sa kanilang ama at sinabi: "Napulot namin ito; tingnan ninyo kung ito nga ang damit ng inyong anak o hindi."

³³ Nakilala ng ama ang damit at sinabing "Ito ang damit ng aking anak! Nilapa siya ng mabangis na hayop at niluray." ³⁴ Winarak ni Jacob ang kanyang damit, nagsuot ng sako at matagal na ipinagluksa ang anak. ³⁵ Dumating ang lahat niyang anak na lalaki at babae para aliwin siya ngunit tumanggi siyang paaliw at sinabi: "Hindi, nagluluksa akong yayao sa lugar ng mga patay, sa piling ng aking anak." At nanangis siya para sa kanyang anak. ³⁶ Samantala, ipinagbili ng mga Madianita si Jose sa Ehipto, kay Putifar na isang opisyal ni Paraon at kapitan ng mga guwardiya.

Kuwento tungkol kina Juda at Tamar

38 • ¹ Nang panahong iyon, humiwalay si Juda sa kanyang mga kapatid at tumuloy sa bahay ni Hira na isang Adulamita. ² Doon nakilala ni Juda ang anak na dalaga ng

• **38.1** Sa sumusunod na pangyayari, hindi lumilitaw na marangal ang papel na ginagampanan ng patriyarkang si Juda ayon sa mga palagay nating bilang mga Kristiyano. Ngunit sa panahong iyon ng napakaprimmitibo pang mga kaugalian at moralidad, walang masyadong iginigiit ang Biblia tungkol sa moralidad sa sex, kundi ang tungkulin sa pagkakaanak upang maging mabisa ang mga pangako ng Diyos sa kanilang mga ninuno.

Ang kasalanan ni Onan ay nasa pagtanggap magkaroon ng anak na hindi naman magiging kanya (tingnan ang Ruth 3:7 tungkol sa obligasyong ito na bigyan ng anak ang biyuda ng kapatid).

Ang kadakilaan naman ni Tamar ay nasa kanyang determinasyon na magkaanak sa anumang paraan na siyang magdadala sa pangalan ng una niyang asawang si Er, at magiging tagapagmana ni Juda. Bhirang natatampok ang mga babae sa Biblia. Ngunit sa pagkakaroon nila ng papel, kadalasa'y para turuan ng leksyon sa pagpapakatao ang mga lalaki. Dito, pagkaraang pumasok si Tamar sa kanyang buhay, nagsimulang mag-isip si Juda, na ngayon lamang nag-isip ng ganito.

Kasama si Tamar sa listahan ng mga ninuno ni Jesus (Mt 1:3).

Kananeong si Sua. Pinakasalan niya ang dalaga at nakipagtalik sa kanya. ³ Naglihi ito at nagsilang ng isang lalaking pinangalanang Er. ⁴ Nagkaanak siya ng isa pang lalaki na pinangalanan naman niyang Onan. ⁵ At sa Kuzib, nagkaroon siya ng pangatlong anak na lalaki na pinangalanan niyang Sela.

⁶ Ikinuha ni Juda ng asawa si Er na kanyang panganay. Tamar ang pangalan ng babae. ⁷ Ngunit masama si Er na panganay ni Juda sa paningin ni Yawe, kaya binawian niya ito ng buhay. ⁸ At sinabi ni Juda kay Onan: “Makipagtalik ka sa biyuda ng iyong kapatid at tuparin ang tungkulin ng isang bayaw na bigyan ng anak ang kapatid mo.” ⁹ Alam ni Onan na hindi magiging kanya ang sanggol kaya tuwing makikipagtalik siya sa kanyang hipag, itinatapon niya sa lupa ang kanyang semilya para hindi bigyan ng anak ang kanyang kapatid. ¹⁰ Masama sa paningin ni Yawe ang kanyang ginawa kaya binawian din ito ng buhay.

¹¹ Kaya sinabi ni Juda kay Tamar na kanyang manugang: “Umuwi ka munang biyuda sa bahay ng iyong ama hanggang sumapit na sa gulang ang anak kong si Sela.” Dahil natatakot si Juda na baka mamatay rin si Sela tulad ng kanyang mga kapatid.

At umuwi nga si Tamar sa bahay ng kanyang ama at doon nanirahan.

¹² Mahabang panahon ang lumipas at namatay ang asawa ni Juda, ang anak ni Sua. Matapos ang kanyang pagluluksa, umahon si Juda sa Timna, kasama ang kanyang kaibigang si Hira na taga-Adulam para tingnan ang paggugupit sa kanyang mga tupa. ¹³ May nakapagsabi naman kay Tamar na “Papunta ang biyenan mo sa Timna para gupitan ang kanyang mga tupa.”

¹⁴ Agad niyang hinubad ang luksa niyang damit, naglalabal ng belo at naupo sa pasukan ng Enaim sa daang papunta sa Timna. Sapagkat nakita niyang kahit nasa kasibulan na si Sela ay hindi pa rin ito ibinibigay sa kanya bilang asawa niya.

¹⁵ Nakita ni Juda si Tamar, at dahil natakan ang mukha, napagkamalan niya itong isang babaeng bayaran. ¹⁶ Nilapitan siya ni Juda sa tabing-daan at sinabi: “Puwede ka ba?” sapagkat hindi niya alam na ito ang kanyang manugang. Itinanong naman ni Tamar: “Ano ang ibibigay mo sa akin kung papayag ako?”

¹⁷ Sinabi ni Juda: “Padadalhan kita ng isang batang kambing mula sa aking kawan.” Sumagot ang babae: “Ayos, pero puwede ka bang

magbigay ng garantiya hanggang maipadala mo iyon sa akin?” ¹⁸ Itinanong ni Juda: “Anong garantiya ang gusto mong ibigay ko sa iyo?” Sumagot si Tamar: “Ang iyong pantatak at ang tali nito at ang tungkod na hawak mo.” Kaya ibinigay ni Juda ang mga iyon at nakipagtalik siya kay Tamar, at nabuntis niya ito. ¹⁹ Umuwi na pagkatapos si Tamar, at inalis niya ang kanyang belo at isinuot ang kanyang damit-panluksa. ²⁰ Ipinadala ni Juda ang kambing sa pamamagitan ng kanyang kaibigang taga-Adulam para mabawi ang kanyang iginarantiya sa babae pero hindi niya iyon natagpuan. ²¹ Kayat nagtanong siya sa mga tagaroon: “Nasaan ang babaeng bayaran na nasa tabi ng daan sa Enaim?” Sumagot sila: “Kailanma’y walang babaeng bayaran dito.” ²² Nagbalik siya kay Juda at sinabi: “Hindi ko nakita ang babae at maging ang mga tagaroon ay nagsabing walang babaeng bayaran doon.” ²³ At sinabi ni Juda: “Pabayaang mo na sa kanya ang lahat, at baka pagtawanan pa tayo ng mga tao. At saka, ipinadala ko sa kanya ang kambing pero hindi mo naman siya nakita.”

²⁴ Makalipas ang tatlong buwan, nabalitaan ni Juda: “Nagpabayad sa lalaki si Tamar na iyong manugang at buntis siya ngayon.” Sinabi ni Juda: “Ilabas ninyo siya at sunugin nang buhay.” ²⁵ Nang kinakaladkad nang palabas si Tamar, nagpasabi siya sa kanyang biyenan: “Buntis ako dahil sa lalaking may-ari ng mga ito. Hanapin ninyo kung kanino ang pantatak, tali at tungkod na ito!” ²⁶ Nakilala ni Juda ang mga iyon at sinabi: “Mas matuwid siya kaysa akin sapagkat ayaw kong ibigay sa kanya ang aking anak na si Sela.” At hindi na siya muling nakipagtalik dito.

²⁷ Nang sumapit ang kabuwanan ni Tamar, kambal ang nasa sinapupunan niya. ²⁸ At sa kanyang panganganak, inilabas ng isa sa kambal ang kanyang kamay, at tinalian iyon ng hilot ng pulang sinulid sa pulso at sinabing “Ang isang ito ang unang lumabas.” ²⁹ Ngunit nang iurong ng sanggol ang kamay, naunang lumabas ang kanyang kakambal, at sinabi ng hilot: “Anong bitak ang binitak mo!” At pinangalanan siyang Fares (*Bitak*). ³⁰ At lumabas ang kanyang kakambal na may sinulid na pula sa pulso at pinangalanan itong Zaraj.

39 • ¹ At dinala si Jose sa Ehipto, at binili siya sa mga Ismaelitung nagdala roon sa kanya ni Putifar na isang Ehipsiyong

• **39.1** Pagkaraan ng kanyang kasawiangpalad, naging halimbawa naman ng karangalan, katapatan at

tiyaga si Jose. Sa Biblia, siya ang una sa mga hinamak na sa Diyos umaasa para sa kanilang gantimpala.

opisyal ni Paraon at kapitan ng mga guwardiya. ² Pinagpala ni Yawe si Jose samantalang nakatira siya sa bahay ng kanyang among Ehipsiyo.

³ Nakita ng kanyang amo na sumasakanya si Yawe at pinagtatagumpay ni Yawe ang lahat ng ipagkatiwala sa kanya. ⁴ Kaya naging kasiya-siya si Jose sa kanyang amo ⁵ at ginawa siyang mayordomo ng kanyang bahay at ipinagkatiwala sa kanya ang lahat ng ari-arian nito. Mula noon, pinagpala ni Yawe ang buong sambahayan ng Ehipsiyo dahil kay Jose. Pinagpala niya ang lahat ng ari-arian ni Putifar, ang sambahayan at bukirin nito. ⁶ Kaya iniwan ng Ehipsiyo ang lahat niyang ari-arian sa pangangalaga ni Jose, at tanging ang pagkain lamang niya ang kanyang inasikaso.

Makisig na lalaki si Jose at matipuno ang pangangatawan. ⁷ Kaya di nagtagal at napusuan si Jose ng asawa ng kanyang amo at sinabi sa kanya: “Sumiping ka sa akin.” ⁸ Ngunit tumanggi siya at sinabing “Ipinagkatiwala sa akin ng aking panginoon ang lahat ng kanya, at hindi niya ako pinakikialaman tungkol sa bahay niya. ⁹ Ginawa niya akong halos kapantay niya sa bahay na ito at wala siyang ipinagkait sa akin liban sa iyo sapagkat asawa ka niya. Paano ko magagawa ang ganito kasamang bagay na isang pagkakasala sa Diyos?” ¹⁰ At kahit na araw-araw na pinipilit ng babae si Jose, tumanggi siyang sumiping dito o makasama man lang nito.

¹¹ Ngunit isang araw, pagpasok niya sa bahay para asikasuhin ang kanyang mga gawain, wala isa mang alipin ang nasa tahanan. ¹² At hinawakan ng maybahay ni Putifar si Jose sa damit nito at sinabi: “Halika na, mahiga na tayo.” Subalit tumakbong palabas si Jose, at iniwan sa

kamay ng babae ang kanyang suot. ¹³ Nakita ng babae ang damit ni Jose na hawak niya at siya’y tumakbong palabas. ¹⁴ Tinawag niya ang mga alipin at sinabi: “Tingnan ninyo, dinala rito ang Hebreong ito para paglaruan tayo. Naparito siya para sumiping sa akin pero sumigaw ako. ¹⁵ At nang marinig niyang sumigaw ako para humingi ng tulong, nagtatakbo siyang palabas ng bahay at naiwan niya ang kanyang damit sa akin.

¹⁶ Itinabi ng asawa ni Putifar ang damit hanggang makauwi ang kanyang panginoon. ¹⁷ At isinalaysay niya ang kanyang kuwento: “Tinangka akong paglaruan ng aliping Hebreong iyan na dinala mo rito. ¹⁸ Ngunit nang sumigaw ako, nagtatakbo siyang palabas ng bahay at naiwan niya sa akin ang kanyang damit.” ¹⁹ Pagkarinig ni Putifar sa sinabi ng asawang “Tingnan mo ang ginawa sa akin ng iyong alipin,” nag-apoy ang kanyang galit. ²⁰ Dinala niya si Jose sa Bilangguan sa Soar kasama ng mga bilanggo ng hari.

Ngunit habang nasa bilangguan ng Soar si Jose, ²¹ sumakanya si Yawe at nagmagandang-loob sa kanya kaya naging mabait sa kanya ang warden ng bilangguan. ²² Ginawa niya itong tagapamahala sa lahat ng bilanggo at siya ang pinapagpapasya kung ano ang gagawin doon. ²³ Hindi pinakikialaman ng warden ang lahat ng nasa ilalim ng kanyang pangangasiwa sapagkat sumasakanya si Yawe at pinagtatagumpay ni Yawe ang lahat niyang gawain.

Binigyang-kahulugan ni Joseang mga panaginip

40 ¹ Makaraan ang ilang panahon, nagkasala sa kanilang panginoon ang tagapangasiwa sa inumin ni Paraong hari ng Ehipto, gayundin ang punong-panadero. ² Nagalit si Paraon sa dalawa niyang opisyal ³ at ipinakulong

Maraming tagapagpalaya at tagapagligtas sa Biblia bago dumating ang Tagapagligtas na Anak ng Diyos. Sinubok silang lahat bago nagtagumpay at marami sa kanila ang hinamak ng kanilang mga kababayan.

Ang kuwento tungkol kay Jose at sa asawa ni Putifar ay isang aral sa tunay na pagkalalaki. Para sa Biblia, isa sa mga katangian ng tunay na lalaki ang katapatan at respeto sa pag-aasawa.

sa bahay ng kapitan ng mga guwardiya, sa mismong bilanguang pinagpiitan din kay Jose.

⁴Kaya ipinagkatiwala ng kapitan kay Jose ang dalawang bilanggo at pinaglingkuran naman niya sila. At matagal-tagal din sila roon.

⁵Isang gabi, kapwa nanaginip ang kasama ni Jose sa Soar na tagapangasiwa ng inumin at ang punong-panadero ng hari ng Ehipto, at may sariling kahulugan ang bawat isa. ⁶Pagkakita ni Jose sa dalawa kinaumagahan, napansin niya ang pagkabahala ng mga ito, ⁷kaya itinanong niya: “Ba’t kayo mukhang malungkot ngayon?” ⁸Sumagot ang dalawa: “Pareho kaming nanaginip pero walang makapagpaliwanag nito.” At sinabi ni Jose: “Di ba’t Diyos lamang ang makapagbibigay-kahulugan sa mga panaginip? Sabihin ninyo sa ‘kin ang inyong panaginip.”

⁹Kaya ikinuwento ng tagapangasiwa ng inumin kay Jose ang kanyang napanaginipan: “Sa aking panaginip, ¹⁰may puno ng ubas na may tatlong sanga sa harap ko. Habang lumalaki ang puno ng ubas, namulaklak ito at nahinog ang mga kumpol. ¹¹Hawak ko noon ang kopa ni Paraon, at pinitas ko ang mga ubas at piniga sa kopa ni Paraon. At pagkatapos, iniabot ko ang kopa kay Paraon.”

¹²Sinabi ni Jose sa kanya: “Ito ang kahulugan niyan. Ang tatlong sanga ay tatlong araw. ¹³Sa loob ng tatlong araw, palalayain ka ni Paraon at ibabalik sa iyong puwesto at muli mong iaabot ang kopa kay Paraon gaya noong ikaw ang kanyang tagapaghanda ng inumin. ¹⁴Kaya pag nabalik ka na sa dati mong puwesto, alalahanin mo naman sana ako at magmagandang-loob ka sa akin at banggitin ako kay Paraon para palabasin ako sa bilanguang ito. ¹⁵Ang totoo’y kinidnap ako mula sa lupain ng mga Hebreo, at kahit dito ay wala akong nagagawang pagkaka-sala para mabilanggo.”

¹⁶Nang makita ng punong-panadero na maganda ang ibinigay na paliwanag ni Jose sa panaginip, sinabi niya kay Jose: “Nanaginip din ako: may sunong akong tatlong bakol ng tinapay. ¹⁷Puno ng iba’t ibang hinurnong pagkain para kay Paraon ang bakol na nasa ibabaw, at kinain iyon ng mga ibon sa bakol na sunong ko.” ¹⁸Sinabi ni Jose: “Ang tatlong bakol ay tatlong araw. ¹⁹At sa loob ng tatlong araw, papupugutan ka ng ulo ni Paraon, at ibibitin ang

iyong bangkay sa isang puno at tutukain ng mga ibon ang iyong laman.” ²⁰Ang ikatlong araw ay kaarawan ni Paraon, at naghanda siya ng malaking salu-salo para sa kanyang mga opisyal. Ipinatawag niya ang kanyang tagapangasiwa ng inumin at ang kanyang punong-panadero. ²¹Ibinalik niya sa tungkulin ang tagapangasiwa ng inumin kayat muli nitong iniabot ang kopa kay Paraon, ²²ngunit ipinabitay niya ang punong-panadero. At nangyari ang pagbibigay-kahulugan ni Jose.

²³Ngunit hindi na naalaala ng tagapangasiwa ng inumin si Jose: nalimutan na siya.

Ang mga panaginip ni Paraon

41 • ¹Pagkaraan ng dalawang taon, nanaginip si Paraon na nakatayo siya sa tabi ng Ilog Nilo ²nang may pitong maganda at matabang baka ang umahon mula sa ilog at nagsimulang manginain sa tabing-ilog. ³Kasunod nilang umahon mula sa Nilo ang pito pang baka, mga payat at nangangalirang at tumabi ang mga ito sa mga bakang nasa tabing-ilog. ⁴Kinain ng payat at nangangalirang na mga baka ang maganda at matabang mga baka. Pagkatapos ay nagising si Paraon. ⁵Muling nakatulog si Paraon at nanaginip uli. Nakita niyang tumutubo sa isang tangkay ang pitong uhay, malaman at mabuti. ⁶At may sumibol namang pitong uhay pa, maliliit at tinuyo ng hanging silangan. ⁷At nilamon ng maliliit na uhay ang malalaman at mabubuti. At nagising si Paraon – panaginip lang pala iyon!

⁸Nabalisa siya kinaumagahan at ipinatawag ang lahat ng may lihim na karunungan at pantas sa Ehipto. Ikinuwento niya sa mga ito ang kanyang mga panaginip pero walang makapagpaliwanag ng mga ito sa kanya. ⁹Kaya sinabi ng punong-tagapangasiwa ng inumin kay Paraon: “Naalaala ko ngayon ang aking pagkukulang. ¹⁰Nagalit si

• **41.1** Buhay na larawan ng dramang dinaranas ng Ehipto sa gitna ng ulan, irigasyon at tagtuyot ang ibinigay ng mga panaginip na ito at ng mga pangyayaring kasama nito. Ayon sa tradisyong Hebreo, si Jose ang nag-organisa ng mga bodega ng mga sobrang ani sa Ehipto bilang paghahanda sa darating na tag-

tuyot. Binibigyang-diin ang katapatan ni Jose at ang hindi pagpapabaya sa kanya ng Diyos kailanman. Hindi pa alam ng mga mananampalataya nang panahong iyon ang kabilang-buhay. Kaya mahalagang maipakita nila kung paanong ginantimpalaan sa buhay na ito ang matuwid na si Jose para sa kanyang pagtitiyaga.

Paraon sa kanyang alipin at ipinakulong niya ako at ang punong-panadero sa bahay ng kapitan ng mga guwardiya. ¹¹ Nanaginip kami sa iisang gabi na bawat panaginip ay may kanya-kanyang kahulugan. ¹² Kasama namin noon ang isang kabataang Hebreong alipin ng kapitan ng mga guwardiya. Nang sabihin namin sa kanya ang aming panaginip, binigyangkahulugan niya ang bawat isa sa aming panaginip. ¹³ At nagkatotoo ang kanyang sinabi. Nabalik nga ako sa aking tungkulin, at binitay naman ang punong-panadero.”

¹⁴ Kaya ipinatawag ni Paraon si Jose. Agad siyang kinuha sa bilangguan, inahitan, at pinalitan ang kanyang damit para humarap kay Paraon.

¹⁵ At sinabi ni Paraon kay Jose: “Nanaginip ako at walang makapagpaliwanag nito. Nabalitaan kong nabibigyangkahulugan mo ang anumang panaginip.” ¹⁶ Sumagot si Jose: “Hindi ako kundi ang Diyos ang siyang magbibigay kay Paraon ng kasiya-siyang kasagutan.” ¹⁷ Kaya isinalaysay ni Paraon ang kanyang panaginip:

“Nasa tabi ako ng Ilog Nilo ¹⁸ nang pitong maganda at matabang baka ang umahon sa ilog at nagsimulang manginain sa tabing-ilog. ¹⁹ At pagkatapos, pitong baka pa ang umahon – mga bakang pangit at buto’t balat at payat. Hindi pa ako nakakita ng gayon kapangit na baka sa buong lupain ng Ehipto. ²⁰ Kinain ng pangit at buto’t balat na mga baka ang pitong matabang baka, ²¹ pero hindi halata na nasa tiyan nila ang mga iyon sapagkat pangit at buto’t balat pa rin sila tulad ng dati. At nagising ako. ²² Nakita ko rin sa aking panaginip ang pitong uhay na tumutubo sa iisang tangkay, malaman at mabuti. ²³ At pagkatapos, sumibol naman ang pito pang uhay – tuyot at maliliit at nilanta ng hanging silangan. ²⁴ Nilulon ng mga lantang uhay ang pitong magagandang uhay. Isinalaysay ko ito sa mga may lihim na karunungan pero walang makapagpaliwanag nito sa akin.”

²⁵ At sinabi ni Jose kay Paraon: “Iisa at

pareho ang panaginip ni Paraon. Ipinahayag ng Diyos kay Paraon ang kanyang gagawin. ²⁶ Ang pitong matabang baka ay pitong taon, at ang pitong magagandang uhay ay pitong taon din. Iisang panaginip! ²⁷ Ang pitong payat at pangit na bakang sumunod ay pitong taon din, pati ang pitong lanta at ipang uhay na tinuyo ng hanging silangan – magkakaroon ng pitong taong taggutom. ²⁸ Tulad ng sinabi ko kay Paraon, ipinahayag ng Diyos ang kanyang gagawin. ²⁹ Magkakaroon ng pitong taon ng lubos na kasaganaan sa buong lupain ng Ehipto, ³⁰ ngunit susundan iyon ng pitong taong taggutom. At malilimutan na ang panahon ng kasaganaan sapagkat magiging grabe ang taggutom sa lupain. ³¹ Napakatindi ng taggutom kaya hindi na magugunita ang panahon ng kasaganaan.

³² Dalawang ulit na nangyari kay Paraon ang panaginip sapagkat buo na ang pasya ng Diyos at gagawin niya ito kaagad. ³³ Kaya pumili ngayon si Paraon ng taong matalino at may-kakayahang mamahala sa Ehipto. ³⁴ At kailangan ding maglagay si Paraon ng mga tagapangasiwa sa buong lupain na siyang lilikom ng buwis na ikalimang bahagi ng lahat ng ani sa lupain sa loob ng pitong taong kasaganaan. ³⁵ Kailangang tipunin nila ang lahat ng pagkain sa pitong taong iyon ng kasaganaan, at iimbak ang mga trigo sa mga siyudad sa ilalim ng kapangyarihan ni Paraon. ³⁶ Ilalaan ang pagkaing ito upang hindi mamatay sa gutom ang bayan sa pitong taong taggutom na darating sa Ehipto.”

Jose, punong opisyal

³⁷ Nasiyahan si Paraon at ang kanyang mga opisyal sa sinabi ni Jose, ³⁸ at nagtanong si Paraon: “Saan tayo makakakita ng lalaking tulad niya na sumasakanya ang espiritu ng Diyos?” ³⁹ At sinabi niya kay Jose: “Dahil sa iyo ipinalam ng Diyos ang lahat ng ito, wala nang

magiging higit pang matalino at may-kakayahan kaysa iyo. ⁴⁰Ikaw ang mama-mahala sa aking administrasyon, at sundin ng lahat kong mamamayan ang iyong mga utos. Lahat ng akin ay iyo, maliban lamang sa aking trono.” ⁴¹At sinabi pa ni Paraon kay Jose: “Itinatalaga kita para mamahala sa buong lupain ng Ehipto.”

⁴²At hinubad niya mula sa kanyang daliri ang kanyang singsing na pantatak at isinuot sa daliri ni Jose. Binihisang niya ito ng pinong linen at sinabitan ng gintong kuwintas. ⁴³Pinasakay niya si Jose sa pangalawang karwahe ng palasyo at inuutos na may manguna sa kanya para sumigaw nang “Magsitabi kayo!” At si Jose ang naging tagapamahala sa buong lupain ng Ehipto.

⁴⁴At sinabi ni Paraon kay Jose: “Ako si Paraon! Kung wala kang pahintulot, walang makapagtataas ng kamay o makahahakbang sa buong lupain ng Ehipto.” ⁴⁵Pinangalanang Safenat-Paneaj ni Paraon si Jose at ibinigay sa kanya bilang asawa si Asenat na anak ni Putifera na pari ng diyos na si On. At naglakbay si Jose sa buong lupain ng Ehipto. ⁴⁶Tatlumpung taon si Jose nang humarap siya kay Paraong hari ng Ehipto. At pagkaalis niya sa harap ni Paraon, naglakbay siya sa buong lupain ng Ehipto.

⁴⁷Sa panahon ng pitong taong kasaganaan, nag-ani nang sagana ang lupain. ⁴⁸Tinipon ni Jose ang lahat ng pagkaing inani sa panahong iyon ng kasaganaan sa Ehipto at inimbak sa bawat siyudad ang ani buhat sa paligid na bukirin niyon. ⁴⁹Nakatipon si Jose ng trigong sindami ng buhangin sa dagat, at hindi na matakal dahil sa dami.

⁵⁰Bago sumapit ang taon ng taggutom,

nagkaroon ng dalawang anak na lalaki kay Jose si Asenat na anak ni Putiferang pari ni On. ⁵¹Pinangalanang Manases ni Jose ang panganay sapagkat sinabi niyang “Ipinalimot sa akin ng Diyos ang lahat kong hirap at ang bahay ng aking ama.” ⁵²Pinangalanan naman niyang Efraim ang pangalawa sapagkat sinabi niya: “Ginawa akong mabunga ng Diyos sa lupain ng aking paghihirap.”

⁵³Pagkatapos ng pitong taong kasaganaan sa buong Ehipto, ⁵⁴nagsimula naman ang pitong taong taggutom gaya ng sinabi ni Jose. Nagkaroon ng taggutom sa lahat ng bansa ngunit may pagkain sa lahat ng dako sa Ehipto. ⁵⁵Nang magsimulang magdanas ng taggutom ang Ehipto, dumaing ang mga tao kay Paraon para humingi ng pagkain. Ngunit sinabi ni Paraon sa mga Ehipsiyo: “Pumunta kayo kay Jose at gawin ang kanyang sasabihin.” ⁵⁶Sinalanta ng taggutom ang buong lupain, binuksan ni Jose ang lahat ng bodega at nagbenta ng trigo sa mga Ehipsiyo sapagkat malubha ang taggutom sa buong lupain.

⁵⁷Lalo pang lumubha ang taggutom sa buong daigdig kaya ang lahat ay pumunta sa Ehipto para bumili ng trigo kay Jose.

Bumaba sa Ehipto ang mga anak ni Jacob

42 • ¹Nang mabalitaan ni Jacob na may trigo sa Ehipto, sinabi niya sa kanyang mga anak: “Ba’t kayo nakatayo ryan at nagtitinginan? ²Nabalitaan kong may trigo sa Ehipto kaya pumunta kayo roon at bumili ng kaunti para hindi tayo mamatay sa gutom.” ³Nagpunta sa Ehipto ang mga kapatid ni Jose para bumili ng trigo – sampu silang lahat ⁴sapagkat hindi pinasama ni Jacob si Benjamin na kapatid ni Jose dahil na-

• **42.1** Ito ang simula ng mahabang salaysay tungkol sa pagkikita ni Jose at ng kanyang mga kapatid.

Pansinin kung paanong inoobliga ni Joseng tagapagligtas ang kanyang mga kapatid na pagbayaran

ang krimeng kanilang ginawa. Isa sa kanila ang dapat mag-alay sa sarili para sa kanyang kapatid bago magpakilala si Jose. Hindi inaalís ng kapatawaran ang pangangailangang pagbayaran ang ginawang kasamaan.

tatakot itong baka may mangyari sa kanya.

⁵Kaya umalis ang mga anak ni Israel kasama ng iba pang mga Kananeo para bumili ng trigo sapagkat taggutom din sa Kanaan. ⁶Si Jose bilang gobernador ng Ehipto ay nagbibili ng trigo sa buong bayan. Nang dumating ang kanyang mga kapatid, yumuko sa kanya ang mga ito na abot sa lupa ang mga mukha. ⁷Agad na nakilala ni Jose ang kanyang mga kapatid pero hindi siya nagpahalata sa mga ito, sa halip ay naging mabalasik siya: “Saan kayo galing?” At sumagot ang mga ito: “Galing kami sa lupain ng Kanaan para bumili ng trigo.” ⁸Nakilala nga ni Jose ang kanyang mga kapatid pero hindi siya nakilala ng mga ito.

⁹At naalala niya ang mga panaginip niya tungkol sa kanila. Sinabi niya: “Mga espiya kayo at naparito kayo para tiktikan ang mga kahinaan ng lupain.” ¹⁰Sumagot sila: “Hindi, aming panginoo, naparito ang inyong mga alipin para bumili lamang ng trigo. ¹¹Mga anak kami ng iisang lalaki. Matapat kaming mga tao, hindi espiya ang inyong mga alipin.” ¹²Pero sinabi ni Jose: “Hindi, naparito kayo para tiktikan ang kahinaan ng lupain.” ¹³At sinabi nila: “Labindalawang magkakapatid na lalaki ang inyong mga alipin, mga anak ng isang lalaki sa lupain ng Kanaan. Kasama ngayon ng aming ama ang bunso, at wala na ang isa.” ¹⁴At iginiit ni Jose: “Tama nga ang sabi ko – mga espiya kayo! ¹⁵At mapatutunayan ito. Isinusumpa ko sa buhay ni Paraon na hindi kayo makaaalis dito hanggang hindi napaparito ang inyong bunsong kapatid. ¹⁶Isa sa inyo ang aalis para sunduin ang inyong kapatid at ibibilanggo naman ang iba. Kaya malalaman ko kung nagsasabi nga kayo ng totoo. At kung hindi, mga espiya nga kayo.” ¹⁷Kaya tatlong araw niyang ipinabilanggo ang lahat.

¹⁸Sinabi ni Jose sa kanila sa ikatlong araw: “Tutulungan ko kayong iligtas ang

inyong sarili sapagkat may takot ako sa Diyos. ¹⁹Kung mga tapat nga kayo, maiwang bilanggo ang isa sa inyong magkakapatid sa bahay ng guwardiya na tinutuluyan ninyo ngayon at iuwi ninyo ang trigong kailangan ng inyong pamilya. ²⁰Ngunit kailangang dalhin ninyo sa akin ang inyong bunsong kapatid para mapatunayan ko ang inyong sinabi at maligtas ang inyong buhay.” Gayon nga ang kanilang ginawa, ²¹at sinabi nila sa isa’t isa: “Parusa ito dahil sa ginawa natin sa ating kapatid. Nakita natin ang kanyang paghihirap at narinig ang kanyang pagmamakaawa pero hindi natin siya pinagbigyan. Kaya dumating sa atin ang paghihirap na ito.” ²²Sinabi sa kanila ni Ruben: “Sabi ko na nga ba’t huwag gawan ng masama ang bata! Pero ayaw ninyong makinig, kaya pinagbabayaran tuloy natin ngayon ang kanyang pagkamatay.”

²³Hindi nila alam na naiintindihan sila ni Jose sapagkat mayroon pa itong interpreter. ²⁴Kaya umalis muna si Jose at umiyak. Nang magbalik ito, kinausap sila nito at ipinakuha si Simeon at ipinagapos sa harap nila.

²⁵Ipinag-utos ni Jose na punuin ng trigo ang kanilang mga sako at ipinabalik sa sako ng bawat isa ang kanilang salapi at pinabigyan ang bawat isa ng pagkain para sa paglalakbay. Matapos gawin ito, ²⁶ikinarga nila ang trigo sa kanilang mga asno at lumakad na sila. ²⁷Ngunit kinagabihan, sa lugar na kanilang tinigilan, nang buksan ng isa sa kanila ang kanyang sako para pakainin ang kanyang asno, nakita niya ang kanyang pilak na nakapaibabaw sa mga trigo sa bungad ng sako. ²⁸Kaya sinabi niya sa kanyang mga kapatid: “Ibinalik ang aking salapi, narito sa aking sako!” Nabigla sila at nangatal at sinabing “Ano itong ginawa sa atin ng Diyos?”

²⁹Pagkauwi nila sa kanilang amang si Jacob sa lupain ng Kanaan, isinalaysay nila ang lahat ng nangyari sa kanila:

³⁰“Naging mabalasik sa amin ang lalaking panginoon sa lupaing iyon at itinuring kaming mga espiya ³¹pero sinabi naming – Mabuting tao kami at hindi mga espiya. ³²Labindalawa kaming magkakapatid, anak ng iisang ama. Wala na ang isa at kasama naman ng aming ama sa lupain ng Kanaan ang pinakabunso. ³³At sinabi ng panginoon ng lupain – Malalaman ko kung nagsasabi nga kayo ng totoo sa pamamagitan nito: iwan ninyo rito ang isa sa inyong mga kapatid, kumuha kayo ng kailangan ng inyong mga sambahayan at lumakad, ³⁴pero dalhin n’yo sa akin ang inyong bunsong kapatid para masiguro kong hindi nga kayo mga espiya kundi mabubuting tao. At palalayain ko ang inyong kapatid at maaari na kayong makipagkalakalan sa lupain.”

³⁵Nang isalin nila ang mga sako, nakita ng bawat isa ang kanilang sisidlan ng salapi na nasa sako. Natakot sila pati ang kanilang ama nang makita nila ito. ³⁶Sinabi ng kanilang amang si Jacob: “Inilalayo ninyo sa akin ang aking mga anak. Wala na si Jose, wala na rin si Simeon at ngayo’y kukunin pa rin ninyo sa akin si Benjamin! At papasanin ko ang lahat ng ito!” ³⁷Ngunit sinabi ni Ruben sa kanyang ama: “Patayin na ninyo ang dalawa kong anak kung hindi ko maibabalik sa inyo si Benjamin. Ipagkatiwala ninyo siya sa akin at ibabalik ko siya.” ³⁸Ngunit sinabi ni Jacob: “Hindi sasama sa inyo ang aking anak, patay na ang kanyang kapatid at siya na lamang ang naiwan sa akin. Kung may masamang mangyari sa kanya sa daan, mamamatay ako sa lungkot sa aking katandaan.”

Pangalawang pagpunta sa Ehipto

43 ¹Palubha pa rin nang palubha ang kakulangan ng pagkain sa lupain. ²At nang maubos na nila ang trigong uwi nila mula sa Ehipto, sinabi sa kanila ng kanilang ama: “Bumalik kayo at ibili kami ng kaunting makakain.” ³Ngunit sinabi ni Juda: “Mahigpit ang babala sa amin ng lalaki na kailangang isama namin ang aming kapatid. ⁴Kung pasasamahin ninyo sa amin ang aming kapatid, babalik

kami para ibili kayo ng pagkain, ⁵ngunit kung hindi’y hindi kami babalik sapagkat sinabi ng lalaki na – Hindi kayo makaha-harap sa akin kung hindi ninyo kasama ang inyong kapatid.” ⁶Kaya sinabi ni Israel: “Bakit ninyo ako binigyan ng ganitong problema sa pagsasabi sa lalaki na may isa pa kayong kapatid?” ⁷At sumagot sila: “Maingat kaming inimestiga ng lalaki at tinanong tungkol sa aming sarili at mga kaanak – Buhay pa ba ang inyong ama? May iba pa ba kayong kapatid? – at sinagot lamang namin ang kanyang mga tanong. Alam ba naming iuutos niyang dalhin sa kanya ang aming kapatid?”

⁸At sinabi ni Juda sa kanyang amang si Jacob: “Pasamahin ninyo sa akin ang bata, at nang makalakad kami agad upang kami, kayo at ang aming mga anak ay mabuhay at hindi mamatay. ⁹Panagutan ko ang kanyang kaligtasan. Kapag hindi ko siya naibalik at naiharap sa inyo rito, tatanggapin ko ang bigat ng kasalanan habang panahon. ¹⁰Kung hindi tayo nagbantulot nang napakatagal, dalawang ulit na sana kaming nakapunta roon at nakabalik dito.” ¹¹Sinabi naman sa kanila ni Israel na kanilang ama: “Kung kailangang mangyari ang gayon, ganito ang inyong gawin: magdala kayo sa inyong mga sako ng mga piling produkto ng lupain at iregalo sa lalaki – kaunting balsamo at pulot-pukyutan, almond at pistachio. ¹²At doblehin ninyo ang dalang pera dahil dapat ninyong isauli ang salaping nakita ninyo sa inyong mga sako; baka nagkamali lamang sila.

¹³Isama ninyo ang inyong kapatid at bumalik kayo sa lalaki. ¹⁴Loobin nawa ng Diyos ng Kataas-taasan na kahabagan kayo ng lalaki para pauwiin niyang kasama ninyo ang isa pa ninyong kapatid at si Benjamin. At tungkol sa aking sarili, kung dapat akong mawalan ng mga anak, sige, mawalan ako ng mga ito.”

¹⁵Kinuha ng magkakapatid ang mga regalo at dinoble ang dalang pera. At

isinama nila si Benjamin at lumakad papuntang Ehipto at humarap kay Jose. ¹⁶Nang makita ni Jose na kasama na nila si Benjamin, sinabi niya sa kanyang mayordomo: “Dalhin mo ang mga taong ito sa bahay ko. Magkatay ng hayop at maghanda ng pagkain, sapagkat makikisalo sa akin sa tanghalian ang mga taong ito.”

¹⁷Ginawa ng mayordomo ang iniutos ni Jose at dinala ang magkakapatid sa bahay ni Jose. ¹⁸Natakot ang magkakapatid nang dalhin sila sa bahay ni Jose at nag-usap-usap sila: “Dinala tayo rito dahil sa perang isinauli sa ating mga sako nang pumarito tayo noon. Ibig niyang makaganti at malupig tayo upang gawin tayong alipin at agawin ang ating mga asno.” ¹⁹Kaya nilapitan nila ang mayordomo ni Jose at kinausap iyon sa may pintuan ng bahay: ²⁰“Ipagpatawad ninyo, ginoo, pumarito kami noon para bumili ng trigo, ²¹ngunit nang makarating kami sa isang matutuluyan, binuksan namin ang aming mga sako at nakita namin sa bungad ng sako ang perang bawat isa sa amin na hindi nagagalaw. Dala namin iyon ngayon para ibalik ²²at may dala pa rin kami para bumili pa ng pagkain. Hindi namin alam kung sino ang naglagay ng salapi sa aming mga sako.” ²³Sinabi ng mayordomo: “Huwag kayong mabahala, huwag kayong matakot. Ang inyong Diyos, ang Diyos ng inyong ama ang naglagay ng kayamanan sa inyong mga sako. Natanggap ko ang inyong salapi.” At iniharap niya sa kanila si Simeon.

²⁴Pinapasok ng mayordomo ang magkakapatid sa bahay ni Jose, binigyan sila ng tubig para mahugasan ang kanilang mga paa at ng damo para sa kanilang mga asno. ²⁵Inihanda nila ang kanilang regalo at hinintay ang pagdating ni Jose sa katanghalian sapagkat nalaman nilang doon sila manananghalian. ²⁶Nang dumating si Jose sa bahay, inihandog nila ang mga regalang dala nila at yumuko sa lupa. ²⁷Kinumusta sila ni Jose at sinabi:

“Mabuti ba ang lagay ng matanda nin-yong ama na ibinalita ninyo noon? Buhay pa ba siya?” ²⁸At sumagot sila: “Mabuti naman ang inyong lingkod, ang aming ama, at buhay pa.” At yumuko sila sa lupa.

²⁹Tumunghay siya at nakita ang kanyang kapatid na si Benjamin na anak ng kanyang ina, at sinabi: “Ito ba ang inyong bunsong kapatid na ibinalita ninyo noon sa akin?” At kanyang idinugtong: “Pagpalain ka ng Diyos, anak ko.” ³⁰Gayon na lamang ang naging damdamin ni Jose nang makita ang kanyang kapatid kaya mabilis siyang lumabas at umiyak sa kanyang silid. ³¹Matapos siyang maghila-amos at muling lumabas, na sinusupil ang damdamin, sinabi niya: “Ihain na ang tanghalian.” ³²Ipinaghaing bukod si Jose, gayundin ang magkakapatid at nakabukod din ang mga Ehipsiyo sapagkat hindi maaaring sumalo ang mga Ehipsiyo sa mga Hebreo - isang malaking kahihyan ang gayon sa mga Ehipsiyo.

³³Pinaupo ang magkakapatid na kaharap ni Jose ayon sa kanilang edad, mula sa pinakapanganay hanggang pinakabunso. At nagkatinginan sila nang buong pagtataka. ³⁴Nang ihain kay Jose ang lahat ng pagkain, ikinuha niya ang kanyang mga kapatid at ipinasilbi ito sa kanila. At limang ibayo ang dami ng ibinigay kay Benjamin kaysa kanyang mga kapatid. At nakipag-inuman sila sa kanya at nagsaya.

Ang kopa ni Jose sa sako ni Benjamin

44 ¹At nag-utos si Jose sa kanyang mayordomo: “Punuin mo ng pagkain ang mga sako nila, hanggang makakaya nila. At ilagay mo ang pera ng bawat isa sa bungad ng sako, ²at ilagay mo naman ang aking kopang pilak kasama ng perang para sa kanyang trigo sa sako ng pinakabunso.” Sinunod ng mayordomo ang sinabi ni Jose.

³Nang nagliliwanag na kinaumagahan, pinalakad na ang magkakapatid, kasama ang kanilang mga asno. ⁴Hindi pa sila nakalalayo sa siyudad nang sabihin ni Jose sa kanyang mayordomo: “Habulin mo agad ang mga lalaking iyon, at sabihin mo sa kanila pag inabutan mo na sila – Bakit ninyo ginantihan ng masama ang mabuti? ⁵Hindi ba ito ang iniinuman ng aking amo at ginagamit sa panghuhula? Masama ang inyong ginawa!” ⁶Nang abutan sila ng mayordomo, inulit nga niya ang mga katagang ito.

⁷At sinabi ng magkakapatid: “Bakit naman ganyan magsalita ang aking panginoon? Kailanma’y hindi magagawa ng inyong mga lingkod ang gayon. ⁸Isinauli pa nga namin mula sa lupain ng Kanaan ang perang nakuha namin sa aming mga sako. Kaya bakit kami mag-nanakaw ngayon ng pilak o ginto sa bahay ng inyong panginoon? ⁹Kung makita ninyo sa isa sa inyong mga alipin ang sinasabi ninyo, dapat siyang mamatay at kami nama’y magiging alipin ng inyong panginoon.” ¹⁰Sinabi ng mayordomo: “Sige, ayon sa sabi ninyo, magiging alipin ko ang sinumang kakitaan ng kopa at makakalaya na ang iba.” ¹¹Ibinaba ng bawat isa ang kanyang sako sa lupa at binuksan iyon. ¹²Nagsaliksik ang mayordomo mula sa panganay at nagtapos sa pinakabunso. At natagpuan ang kopa sa sako ni Benjamin. ¹³Kaya winarak ng magkakapatid ang kanilang mga damit at muling ikinarga ang mga sako sa mga asno, at bumalik sa lunsod.

¹⁴Nasa bahay pa si Jose nang makabalik si Juda at ang kanyang mga kapatid at nagpatirapa sa harap niya. ¹⁵Sinabi ni Jose sa kanila: “Ano ang inyong ginawa? Hindi ba ninyo alam na may kakayahang manghula ang isang tulad ko?” ¹⁶At sinabi naman ni Juda: “Ano ang masasabi namin sa aking panginoon? Paano namin mapatutunayan ang aming kawalangsala? Ang Diyos ang naglantad sa aming

pagkakasala: mga alipin na kami ngayon ng aming panginoon, kami at ang kinatagpuan ng kopa.” ¹⁷Ngunit sinabi ni Jose: “Hindi ko magagawa iyon. Kung sino lamang ang kinatagpuan ng kopa ang siya kong magiging alipin. At makababalik nang mapayapa ang lahat sa inyo sa inyong ama.”

¹⁸Lumapit si Juda kay Jose at sinabi: “Panginoon ko, hayaan ninyong makapagsalita ang inyong lingkod. Huwag sana kayong magalit bagamat kapantay kayo ni Paraon. ¹⁹Nang tanungin ninyo, panginoon ko, ang inyong mga lingkod kung – May ama pa ba kayo o kapatid na lalaki? – ²⁰sinabi naming – May ama kaming matanda na na may anak na batang lalaki sa kanyang katandaan. Patay na ang kapatid na lalaki niyon at siya na lamang ang naiwang anak ng kanyang ina. At mahal na mahal siya ng kanyang ama. ²¹At sinabi ninyo sa amin – Isama ninyo siya rito para makita ko. ²²Sinabi naman namin sa aming panginoon na hindi maaaring iwan ng batang lalaki ang kanyang ama sapagkat kung iiwan niya iyon, mamamatay ang kanyang ama.

²³At sinabi ninyo na kung hindi namin maisasama ang aming bunsong kapatid, hindi kami makahaharap sa inyo. ²⁴Sinabi namin ang lahat ng ito sa aming ama pag-uwi namin. ²⁵Kayat nang sabihin niyang bumalik kami rito at bumili ng kaunting pagkain, ²⁶sinabi namin – Hindi kami makapupuntang muli roon kung hindi ninyo pasasamahin ang aming bunsong kapatid. Hindi kami haharapin ng lalaking iyon malibang kasama namin ang aming kapatid. ²⁷At sinabi ng aming ama – Alam ninyong binigyan ako ng dalawang anak ng aking asawa. ²⁸Nawala na ang isa at tiyak na nagkaluray-luray siya at hindi ko na nakita pang muli. ²⁹Kung ilalayo ninyo pa sa akin ang isang ito at may mangyari sa kanya, mamamatay ako sa lungkot sa aking katandaan.

³⁰Ngayon, hindi ako makababalik sa aking ama na hindi kasama ang bata sapagkat mahal na mahal siya ng aking ama. ³¹Ikamamatay niya ang makitang wala ang bata, mamamatay siya sa lungkot sa kanyang katandaan.

³² Ako ang nanagot sa kaligtasan ng bata sa harap ng aking ama, sinabi kong – Kung hindi siya maibabalik, ama ko, ako ang may kasalanan sa habang panahon. ³³ Kaya payagan ninyong ako na ang manatili bilang alipin kapalit ng bata at pasamahin siya sa kanyang mga kapatid. ³⁴ Paano pa akong makauwi sa aming ama kung hindi rin lang kasama ang bata? Ayaw kong makita ang paghihirap ng aking ama!”

Nagpakilala si Jose

45 ¹ Hindi na mapigil ni Jose ang kanyang damdamin sa harap ng lahat niyang tauhan at iniutos niyang “Iwan ninyo ako, lahat kayo!” kayat walang sinuman ang naroon nang magpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid. ² Napakalakas ng kanyang iyak kaya narinig ito ng mga Ehipsiyo at kumalat ang balita sa buong sambahayan ni Paraon.

³ Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid: “Ako si Jose. Buhay pa ba ang aking ama?” Hindi nakasagot ang kanyang mga kapatid, lubha nga silang nabigla sa harap niya. ⁴ Sinabi ni Jose: “Lumapit kayo.” At nagsilapit sila. “Ako si Jose, ang inyong kapatid, ang ipinagbili ninyo sa mga Ehipsiyo. ⁵ Huwag kayong malungkot ni sisihin ang inyong sarili. Ipinagbili nga ninyo ako pero ang Diyos ang nagsugo sa akin, una sa inyo, para bumuhay. ⁶ Dalawang taon nang may taggutom sa lupain at limang taon pa na hindi makapag-aararo at hindi makapagaani. ⁷ Isinugo ako ng Diyos nang una sa inyo upang makatiyak na hindi malilipol ang inyong lahi sa lupa at buhayin kayo: ito ang malaking pagliligtas. ⁸ Kayat hindi kayo kundi ang Diyos ang nagdala sa akin dito, at ginawa niya akong ama kay Paraon at panginoon sa kanyang sambahayan at tagapamahala ng buong Ehipto.

⁹ Bumalik agad kayo sa aking ama at

sabihin sa kanyang – Ito ang ipinasasabi sa inyo ni Jose na inyong anak: Ginawa ako ng Diyos na panginoon ng buong Ehipto. Pumarito kayo agad. ¹⁰ Sa rehiyon ng Gosen kayo titira – malapit sa akin – kayo, ang inyong mga anak at mga apo, ang inyong mga tupa at mga baka at lahat ng inyong ari-arian. ¹¹ Ako ang bahala sa lahat (sapagkat limang taon pang tatagal ang taggutom) at kayo at ang inyong sambahayan at lahat ng inyo ay hindi magdarahop. ¹² Alam na ninyo ngayon at maging ng kapatid kong si Benjamin na ako nga ang nakikipag-usap sa inyo. ¹³ Ibalita ninyo sa aking ama ang natamo kong kapangyarihan sa Ehipto at ang lahat ng inyong nakita. Umalis na kayo agad at isama rito ang aking ama.” ¹⁴ Pagkasabi nito, niyakap ni Jose si Benjamin at umiyak.

¹⁵ At lumuluhang hinalikan at niyakap ang kanyang mga kapatid, at nagsimula silang makipag-usap na kay Jose. ¹⁶ Nakarating ang balita sa buong sambahayan ni Paraon na dumating ang mga kapatid ni Jose. Naging kasiyasiya naman ang balita kay Paraon at sa kanyang mga opisyal.

¹⁷ Sinabi ni Paraon kay Jose: “Sabihin mo ito sa iyong mga kapatid – Kargahan ninyo ang inyong mga hayop, umuwi sa lupain ng Kanaan ¹⁸ at isama pabalik dito sa akin ang inyong ama at ang inyong mga pamilya; ibibigay ko sa inyo ang pinakamabuti sa Ehipto at kakanin ninyo ang pinakamasarap na bunga ng lupa. ¹⁹ At sa ganang sarili mo naman, ipag-utos mo ito – Magdala kayo ng mga karwahe mula sa lupain ng Ehipto para sa inyong mga anak at mga asawa; sunduin ninyo ang inyong ama at bumalik dito! ²⁰ Huwag ninyong panghinayangan ang mga bagay na maiiwan doon sapagkat inyo ang pinakamabuti sa buong Ehipto!”

²¹ Gayon nga ang ginawa ng mga anak ni Israel. Binigyan sila ni Jose ng mga karwahe gaya ng ipinag-utos ni Paraon at ng baong pagkain para sa paglalakbay. ²² Binigyan niya bawat isa ng tig-isang bagong damit pero para kay Benjamin, tatlundaang pirasong pilak at limang bagong damit ang kanyang iniregalo. ²³ Nagpadala siya sa kanyang ama ng sampung asno na may karga ng pinakamabubuting produkto ng Ehipto at sampung babaeng asno

na may kargang trigo, tinapay at iba pang baon para sa paglalakbay ng kanyang ama. ²⁴ Pinaalis na ni Jose ang kanyang mga kapatid at pinagsabihang “Huwag kayong mag-aaway sa daan.”

²⁵ Umuwi sila mula sa Ehipto at bumalik sa kanilang amang si Jacob sa Kanaan. ²⁶ Sinabi nilang “Buhay pa si Jose at siya ang panginoon ng buong Ehipto!” Hindi kumibo si Jacob sapagkat hindi siya naniniwala. ²⁷ Ngunit sinabi ng magkakapatid ang lahat ng sinabi ni Jose. At nang makita ni Jacob ang mga karwaheng padala ni Jose para sa kanyang ama, muli siyang nabuhayan ng loob ²⁸ at sinabi ni Israel: “Tama na sa akin ang malamang buhay ang anak kong si Jose. Lalakad ako para makita siya bago ako mamatay.”

Bumaba sa Ehipto si Jacob

46 • ¹ Umalis si Israel na dala ang laha niyang ari-arian. Pagdating niya sa Berseba, nag-alay siya ng mga handog sa Diyos ng kanyang amang si Isaac. ² Sinabi ng Diyos kay Israel sa isang panaginip: “Jacob! Jacob!” At sumagot siya: “Narito ako.” ³ Sinabi sa kanya: “Ako ang Diyos, ang Diyos ng iyong ama. Huwag kang matakot na lumusong sa Ehipto sapagkat gagawin kitang isang malaking bansa roon. ⁴ Sasamahan kita sa Ehipto at ibabalik na muli rito, at mga kamay ni Jose ang magpipikit sa iyong mga mata.”

⁵ Umalis si Jacob sa Berseba at dinala ng mga anak ni Israel ang kanilang amang si Jacob kasama ang kanilang mga anak at mga asawa sa mga karwaheng padala ni Paraon para sunduin sila. ⁶ Dinala rin nila ang kanilang mga kawan at lahat ng naging ari-arian nila sa Kanaan.

⁷ Nagpunta nga si Jacob sa Ehipto kasama ang buo niyang angkan, ang kanyang mga anak at mga apo – ang lahat niyang anak.

⁸ Ito ang mga pangalan ng mga anak ng Israel na nagpunta sa Ehipto, si Jacob at ang kanyang mga anak. Si Rubeng panganay ni Jacob ⁹ at ang mga anak ni Ruben na sina Enoc, Falu, Hesron at Carmi.

¹⁰ Ang mga anak ni Simeon: Yamuel, Yamin, Ahod, Yuakin, Sohar at Saul na anak sa Kanaan.

¹¹ Ang mga anak ni Levi: Gerson, Kehat at Merari.

¹² Ang mga anak ni Juda: Er, Onan, Sela, Fares at Zaraj (pero namatay sa lupain ng Kanaan sina Er, Onan at Sela) Ang mga anak ni Fares: Hesron at Hamul.

¹³ Ang mga anak ni Isacar: Tola, Fua, Job at Sumron.

¹⁴ Ang mga anak ni Zabulon: Sared, Elon at Yahelel.

¹⁵ Ito ang mga anak ni Lea kay Jacob sa Padan-Aram bukod sa kanyang anak na babaeng si Dina. Tatlumpu't tatlong lahat ang kanyang mga anak na babae at lalaki.

¹⁶ Ang mga anak ni Gad: Sefion, Haggi, Suni, Esebon, Heri, Arodi at Areli.

¹⁷ Ang mga anak ni Aser: Yamne, Yesua, Yesui, Beria at ang kanilang kapatid na babaeng si Sara. Ang mga anak ni Beria: Hebel at Malquiel. ¹⁸ Ito ang mga anak kay Jacob ni Zelfang bigay ni Laban sa kanyang anak na si Lea – labing-anim na lahat.

¹⁹ Ang mga anak ni Raquel na asawa ni Jacob: Jose at Benjamin. ²⁰ Naging anak ni Jose sa Ehipto sina Manases at Efraim na ipinanganak ni Asenat na anak ni Putiferang pari ni On.

²¹ Ang mga anak ni Benjamin: Bela, Beher, Asbel, Gera, Naaman, Equi, Ros, Mofin, Ofin at Ared. ²² Ito ang mga anak ni Raquel kay Jacob – labing-apat na lahat.

²³ Ang anak ni Dan: Husim.

²⁴ Ang mga anak ni Neftali: Yasiel, Guni, Yeze at Sallem.

²⁵ Ito ang mga anak ni Jacob kay Bilang bigay ni Laban kay Raquel na kanyang anak – pitong lahat.

²⁶ Animnapu't anim ang bilang ng mga taong kasama ni Jacob na pumunta sa Ehipto, lahat ng kanyang kadugo, hindi pa kabilang ang mga asawa ng kanyang mga anak. ²⁷ Kasama ang dalawang anak ni Jose sa Ehipto, pitumpung lahat ang kabuuang bilang ng sambahayan ni Jacob na pumunta sa Ehipto.

Pagkikita nina Jacob at Jose

²⁸ Pinauna ni Jacob si Juda upang ipagbigay-alam kay Jose na parating na siya at malapit na sa lupain ng Gosen. ²⁹ Ipinahanda ni Jose ang kanyang karwahe para salubungin ang kanyang amang si Israel sa Gosen. Pagkakita niya sa kanya, niyakap niya ang kanyang ama at matagal na umiyak sa balikat nito. ³⁰ Sinabi ni Israel kay Jose: “Puwede na akong mamatay

• **46.1** Naririto ang mahalagang resulta ng pakikipagsapalaran ni Jose. Pumunta si Jacob sa Ehipto kasama ang buo niyang pamilya. Nanirahan ang mga Hebreo sa Ehipto at parang nalimutan na nila ang lupain ng Kanaan na nilakbay nina Abraham at Jacob

kasama ng kanilang mga kawan at ipinangako ng Diyos sa kanila. Ilang dantaon silang mananatili sa Ehipto hanggang pamunuan sila ni Moises pabalik sa lupain ng mga Pangako. Bahagi ng plano ng Diyos ang matagal na pagkaantalang ito.

ngayon sapagkat nakita ko na ang iyong mukha at nalamang buhay ka.”

³¹ At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid at sa buong angkan ng kanyang ama: “Aalis ako ngayon din para ibalita kay Paraon na dumating na ang aking mga kapatid at ang sambahayan ng aking ama buhat sa lupain ng Kanaan.” ³² Sasabihin ko rin sa kanya na kayo ay mga pastol ng mga kawan na nag-aalaga ng mga hayop, at dinala ninyo ang inyong mga tupa at mga baka at lahat ng inyong ari-arian. ³³ Kayat kapag ipinatawag kayo ni Paraon at sinabi niyang – “Ano ang inyong trabaho?” – ³⁴ sasabihin ninyong – “Sapul pagkabata hanggang ngayon, kami’y nagpapasal na ng mga kawan tulad ng aming mga ninuno. Kaya sa lupain ng Gosen kayo maninirahan sapagkat namumuhi ang mga Ehipsiyo sa lahat ng pastol.”

47 ¹ Pinuntahan ni Jose si Paraon at sinabi: “Dumating na sa Gosen buhat sa lupain ng Kanaan ang aking ama at mga kapatid, kasama ang kanilang mga tupa at mga baka at lahat nilang ari-arian.”

² At pinili niya ang lima sa kanyang mga kapatid at iniharap kay Paraon. ³ Itinanong ni Paraon: “Ano ang inyong trabaho?” At sumagot sila: “Mga pastol ang inyong mga lingkod tulad ng aming ninuno. ⁴ Naparito kami upang pansamantalang manirahan sa lupain sapagkat wala nang pastulan ang aming tupa dahil sa malubhang taggutom sa Kanaan. Kayat hinihiling namin na kung maaari’y patirahin ninyo kami sa lupain ng Gosen.”

⁵ At sinabi ni Paraon kay Jose: “Pinuntahan ka ng iyong ama at mga kapatid. ⁶ Ikaw ang panginoon ng buong lupain ng Ehipto; itira mo ang iyong ama at mga kapatid sa pinakamainam na lugar. Patirahin mo sila sa Gosen at kung may kilala ka sa kanila na may-kakayahang, paalagaan mo sa kanila ang aking mga kawan.”

Ang mga anak ni Jacob sa Ehipto

⁷⁻⁸ Sinamahan ni Jose ang kanyang amang si Jacob at iniharap kay Paraon na nagtanong pagkatapos batiin ni Jacob: “Ilang taon na kayo?” ⁹ Sumagot si Jacob: “Isandaa’t tatlum-pung taon na ang mga taon ng aking paggagala. Maikli at mahirap ang mga taon ng aking buhay, at di sindami ng sa aming mga ninuno.” ¹⁰ At binasbasan ni Jacob si Paraon at saka umalis.

¹¹ At pinatira ni Jose ang kanyang ama at mga kapatid sa pinakamagandang lugar sa Ehipto, sa lupain ng Rameses gaya ng ipinag-utos ni Paraon.

¹² Binigyan ni Jose ng pagkain ang kanyang ama at mga kapatid at ang buong sambahayan ng kanyang ama batay sa bilang ng kanilang mga anak.

• ¹³ Naging napakatindi ng taggutom kayat nawalan ng pagkain ang buong lupain. Nasa-lanta ang Ehipto at Kanaan dahil sa taggutom. ¹⁴ Tinipon ni Jose ang lahat ng napagbilhan sa trigo sa mga lupain ng Ehipto at Kanaan. Dinala ni Jose ang lahat ng salapi sa bahay ni Paraon. ¹⁵ Nang maubos na ang pera ng mga tao sa Ehipto at Kanaan, lumapit ang lahat ng Ehipsiyo kay Jose at sinabing “Bigyan mo kami ng pagkain! Ba’t kami kailangang mamatay sa harap mo dahil wala na kaming pera?” ¹⁶ Sinabi naman sa kanila ni Jose: “Ibigay ninyo sa akin ang inyong mga hayop bilang bayad sa pagkain dahil wala na kayong pera.” ¹⁷ At dinala nga nila kay Jose ang kanilang mga alagang hayop, at binigyan sila ni Jose ng pagkain bilang kapalit ng kanilang mga kabayo, tupa, kambing, baka, at asno. Sa gayon binigyan ni Jose ng pagkain ang mga tao nang taong iyon. ¹⁸ Nang sumunod na taon, dumating na naman sila at sinabi sa kanya: “Hindi namin maikakaila sa aming panginoon na ubos na ang aming pera at nasa inyo na ang aming mga alagang hayop. Wala nang naiwan sa amin kundi ang aming sarili at ang aming lupa. ¹⁹ Ba’t kami kailangang mamatay sa harap ninyo – kami pati na ang aming lupa? Bilhin ninyo kami at ang aming lupa bilang kapalit sa pagkain, at kami at ang aming mga lupa ay magiging alipin ni Paraon. Bigyan ninyo kami ng trigo upang hindi kami mamatay, at huwag mapabayaang ang aming lupa.”

²⁰ At nakuhang lahat ni Jose ang lupain ng Ehipto para kay Paraon. Ipinagbili ng lahat ng Ehipsiyo ang kanilang mga lupa sapagkat labis ang kanilang paghihirap dahil sa taggutom. Naging may-ari ng buong lupain si Paraon, ²¹ at pinalipat ni Jose sa mga siyudad ang mga tao mula sa kanilang lupa sa buong Ehipto. ²² Ang mga lupain lamang ng mga pari ang hindi niya kinuha dahil may kautusan si Paraon para sa kanila. At nabuhay ang mga ito sa pamamagitan ng bigay ni Paraon, kaya hindi nila ipinagbili ang kanilang mga lupa.

• **47.13** Sa Ehipto, ang lupa ay pag-aari ng Paraon: dahil sa napakahigpit na pamamalakad, naitatakda niyang magkaroon ng kaparte sa ani ng lahat ng

magsasaka. Sinasabi sa kabanatang ito na si Jose ang namahala nito.

²³ At sinabi ni Jose sa mga tao: “Ngayong nabili ko na kayo at ang inyong lupain para kay Paraon, narito ang binhi para ihasik sa lupa.” ²⁴ Sa panahon ng anihan, ibibigay ninyo kay Paraon ang ikalimang bahagi at maiiwan naman sa inyo ang apat na limang bahagi bilang binhi sa paghahasik at pagkain ninyo at ng inyong mga pamilya.” ²⁵ Sinabi nila: “Sinagip ninyo ang aming buhay. Mabuti sa amin ang maging alipin ni Paraon.” ²⁶ Kaya nagpalabas ng isang batas si Jose na umiiral hanggang ngayon – na para kay Paraon ang ikalimang bahagi ng ani. Ang lupain lamang ng mga pari ang hindi naging ari-arian ni Paraon.

²⁷ At namuhay sa Ehipto ang Israel, sa lupain ng Gosen.

Naging may-ari sila ng lupaing ito, naging mabunga sila at dumami ang kanilang mga anak, maraming-marami. ²⁸ Labimpitong taon si Jacob sa Ehipto. At nabuhay siya nang isandaa’t apatnapung taon. ²⁹ Nang malapit na siyang mamatay, ipinatawag niya ang kanyang anak na si Jose at sinabing: “Pakilagay mo nga ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita at patunayan sa amin ang iyong katapatan at kagandahang-loob na hindi mo ako ililibing sa Ehipto. ³⁰ Ngunit sa paghimlay ko sa piling ng aking mga ninuno, ilabas mo ako sa Ehipto at ilibing sa kanilang libingan.” Sinabi ni Jose: “Gagawin ko ang inyong bilin.” ³¹ Iginiit ni Jacob: “Sumumpa ka!” Sumumpa nga si Jose habang sumasamba naman si Israel na nakayuko sa kanyang higaan.

Inampon ni Jacob ang mga anak ni Jose

48 • ¹ Pagkalipas ng ilang panahon, pina-sabihan si Jose na malubha ang kanyang ama. Isinama niya ang dalawa niyang anak na sina Manases at Efraim. ² At sinabi nila kay Jacob na dumating na ang kanyang anak na si Jose. At ubos-lakas na pinilit ni Israel na maupo sa kanyang higaan.

³ At sinabi niya kay Jose: “Napakita sa akin sa Luz sa lupain ng Kanaan ang Diyos ng Kataas-taasan at pinagpala ako ⁴ sa pagsasabing – Gagawin kitang mabunga at pararamihin. Gagawin kitang isang pagtitipon ng mga bansa, at ibibigay ko ang lupaing ito sa iyo at sa iyong mga inapo bilang panghabang-panahong ari-arian. ⁵ Mula ngayon, akin na ang dalawa mong anak na isinilang sa Ehipto bago ako dumating

dito. Magiging akin sina Manases at Efraim kung paanong akin sina Ruben at Simeon. ⁶ Subalit magiging iyo naman ang mga anak na isinilang kasunod nila, at makikilala sa pangalang Manases at Efraim ang lupaing mamananhin nila. ⁷ Nang pabalik na ako sa Padan, namatay si Raquel sa lupain ng Kanaan nang malapit na kami sa Efrata. At inilibing ko siya roon sa tabing-daang patungong Efrata (na Betlehem din).”

⁸ Nang makita ni Israel ang mga anak na lalaki ni Jose, sinabi niya: “Sino ang mga ito?” ⁹ Sinabi ni Jose sa kanyang ama: “Sila ang mga anak na ibinigay sa akin dito ng Diyos.” Sinabi ni Jacob: “Ilapit mo sila sa akin at babasbasan ko sila.” ¹⁰ Malabo na ang mga mata ni Israel dahil sa katandaan at hindi na siya makakita. Nang ilapit ni Jose kay Jacob ang kanyang mga anak, hinalikan niya ang mga ito at niyakap, ¹¹ at sinabi kay Jose: “Hindi ko na inaasahang makikita pa kitang muli at ngayo’y ipinahintulot pa ng Diyos na makita ko pati ang iyong mga anak!” ¹² Kinuha ni Jose ang mga bata mula sa mga tuhod ni Israel at yumuko naman siya na abot sa lupa ang mukha. ¹³ Inilapit ni Jose ang dalawa, hawak ng kanang kamay si Efraim sa kaliwa ni Israel, at si Manases ng kanyang kaliwang kamay sa kanan ni Israel. ¹⁴ Iniunat ni Israel ang kanyang kanang kamay at ipinatong sa ulo ni Efraim bagamat ito ang bunso, at ipinatong naman ang kaliwang kamay sa ulo ni Manases bagamat si Manases ang panganay.

¹⁵ At binasbasan niya si Jose at sinabi: “Ang Diyos nawang pinaglingkuran ng aking mga ninunong sina Abraham at Isaac, ang Diyos na aking Pastol mula nang ako’y isilang, ¹⁶ ang Anghel na nagligtas sa akin sa lahat ng masama – pagpalain nawa niya ang mga batang ito. Maalaala nawa sa pamamagitan nila ang aking pangalan at ang pangalan ng aking mga ninunong sina Abraham at Isaac. At dumami nawa sila sa lupain!” ¹⁷ Hindi nasiyahan si Jose nang makita niyang ipinatong ng kanyang ama ang kanang kamay sa ulo ni Efraim. Kaya hinawakan niya ang kamay ng kanyang ama, inalis sa ulo ni Efraim at ipinatong sa ulo ni Manases ¹⁸ at sinabing “Hindi, Ama, sapagkat ang isang ito ang panganay. Ipatong ninyo ang inyong kanang kamay sa ulo niya.” ¹⁹ Ngunit tumanggi ang kanyang ama at sinabi: “Alam ko, anak ko, alam ko. Siya man ay magiging bayan din,

• **48.1** Sa totoo’y labintatlo ang labindalawang tribu ng Israel. Ngunit ang mga tribu nina Efraim at Manases ay tinatawag na mga tribu ni Jose. Kaya labindalawa lamang ang bilang. Ipinaliliwanag sa ka-

banatang ito kung bakit nagkagayon. Ituturing na dalawang anak ni Jacob sina Efraim at Manases bilang kapalit kay Jose. At hindi sa panganay kundi sa mas nakababata sa magkakapatid mapupunta ang

magiging malaki rin siya pero mas malaki kaysa kanya ang kanyang bunsong kapatid at magiging maraming bansa ang lahi nito.”²⁰ Binabasan niya sila nang araw na iyon sa mga katagang ito: “Gagamitin ng Israel ang iyong pangalan sa pagbabasbas sa pagsasabing – Loobin nawa ng Diyos na ikaw ay matulad kina Efraim at Manases!”

Ngunit iniuna niya si Efraim kay Manases.²¹ At sinabi ni Israel kay Jose: “Malapit na akong mamatay, pero sasainyo ang Diyos at ibalik niya kayo sa lupain ng inyong mga ninuno.”²² At sa iyo, sa iyo ko mismo ibinibigay, higit sa iyong mga kapatid, ang burol na nalupig ko sa mga Amorreo sa pamamagitan ng aking tabak at pana.”

Ang pagbabasbas ni Jacob

49 • ¹At tinawag ni Jacob ang kanyang mga anak at sinabi:

“Lumapit kayo nang masabi ko sa inyo ang mangyayari sa inyo sa mga darating na araw.² Magtipon kayo, mga anak ni Jacob at pakinggan ang inyong amang si Israel!

³Ruben, ikaw ang aking panganay, ang aking lakas at ang unang bunga ng aking pagkalalaki, masyadong mayabang at masyadong mapusok!

⁴Bagamat gaya ka ng mga uban sa dagat, hindi ka na mangunguna

sapagkat pinanhik mo ang higaan ng iyong ama,

ang aking higaan at dinungisan ang puri.

⁵Magkapatid sina Simeon at Levi,

sandata ng karahasan ang kanilang tabak.

⁶Hindi ako makikiisa sa kanilang usapan!

Puso ko’y lalaging malayo sa kanila,

pagkat pumatay sila sa kanilang galit

at pinutol ang paa ng mga toro sa kanilang poot.

⁷Sumpain ang kanilang galit, kay tindi!

Sumpain ang kanilang poot, kay lupit!

Hahatiin ko sila kay Jacob

at pangangalatin ko sila sa Israel.

⁸Juda, pupurihin ka ng iyong mga kapatid!

Hahawakan mo sa leeg ang mga kaaway,

at yuyuko naman sa iyo ang mga anak ng iyong ama.

⁹Tulad ka sa batang leon, O Juda!

Mula sa paninila, anak ko, ikaw ay umuwi.

Tulad ng leon, nakaupo at nag-aabang;

tulad ng babaeng leon –

sino ang mangangahas lumapit sa kanya?

¹⁰Setro ay di aagawin kay Juda

ni baston ng kapangyarihan sa gitna ng kanyang mga hita

hanggang dumating ang tunay na may-ari nito

na dapat sundin ng mga bansa.

¹¹Sa puno ng ubas niya itatali ang bisiro ng kanyang asno,

ang kanyang bisiro sa pinakapiling sanga.

Lalabhan niya sa alak ang kanyang damit,

ang kanyang damit sa dugo ng ubas.

¹²Pinapula ng alak ang kanyang mga mata,

pinaputi ng gatas ang kanyang mga ngipin.

¹³Sa baybay-dagat maninirahan si Zabulon!

Kanlungan siya ng mga sasakyang-dagat

at aabot sa Sidon ang kanyang saklaw.

¹⁴Isang malakas na asno si Isacar,

pahiga-higa sa gitna ng mga kawan.

¹⁵Makita lamang niyang kay sarap ng kanyang pahingahan

at kay ganda ng kanyang lupa,

balikat niya’y agad iniyuyuko sa pasanin

at tinatanggap pamatok ng pagkaalipin.

¹⁶Hahatulan ni Dan ang kanyang bayan

bilang tribu ng Israel.

¹⁷Si Dan ay ahas sa daan,

isang ulupong sa daraanan

na tutuklaw sa sakong ng kabayo

hanggang sakay ay mahulog!

¹⁸Sa iyong pagliligtas ako umaasa, O Yawe!

¹⁹Lulusubin si Gad ng mga tulisan,

pagbabasbas ni Jacob, tulad ng kay Isaac na kanyang ama. Pinagpapala ng Diyos ang sinumang gusto niya at hindi dahil sa karapatan ng pagkakasunud-sunod o dahil sa kagustuhan ng mga magulang.

• **49.1** Hindi sa kanyang mga anak ang *mga pagbabasbas ni Jacob* kundi sa labindalawang tribung nagtataglay ng kanilang mga pangalan. Magkakaroon ng magkakaiibang kapalaran ang mga tribung ito. Parang sinasabi ng pagbabasbas ni Jacob na alam ng Diyos antemano ang mga kahihinatnang ito at bahagi ang mga ito ng kanyang plano ng kaligtasan sa kabu-

tihan ng lahat ngunit hindi pare-pareho ang ibinibigay niya sa lahat.

Namumukod-tangi ang mga tribu nina Juda at Jose. Para kay Juda, may propesiya na ang kanyang tribu ang mangingibabaw sa iba pa hanggang sa pagdating ng Tagapagligtas na “siyang tunay na mamumuno”. Sa totoo’y sa tribu ng Juda magmumula ang mga hari ng bayan ng Diyos at si Jesus mismo pagkatapos nila. Kayat si Juda ang tumanggap ng mga pangakong binitawan ng Diyos kina Abraham at Jacob.

Kadakilaan naman at materyal na kasaganaan ang propesiya tungkol kay Jose.

ngunit sila'y lulusubin niya sa kanilang likuran.

²⁰Masarap ang pagkain ni Aser, ihahanda niya'y pagkain ng hari!

²¹Si Neftali'y inahing usang nakaalpas, kasama ang magaganda niyang mga anak.

²²Si Jose ay mabungang puno ng ubas, mabungang puno sa tabi ng bukal na ang mga sanga'y gumagapang sa pader.

²³Nilusob siya ng mga may pana sa kamay, tinudla siya at kanilang tinugis,

²⁴ngunit hindi nababali ang kanyang pana -

mahusay pa rin ang kanyang mga kamay dahil sa Lakas ni Jacob,

dahil sa Ngalan ng Pastol at Bato ng Israel, ²⁵dahil sa Diyos ng iyong ama na sa 'yo'y

tumutulong,

dahil sa Kataas-taasan na sa 'yo'y nagpapala:

mga pagpapala ng langit sa kaitaasan, mga pagpapala ng kailalim-ilaliman, mga pagpapala ng dibdib at sinapupunan!

²⁶Higit na dakila ang mga pagpapala ng iyong ama

kaysa pagpapala ng matatandang kabundukan,

kaysa yaman ng panghabang-panahong kaburulan.

Igawad ang lahat ng ito sa ulo ni Jose, ang ibinukod sa kanyang mga kapatid.

²⁷Si Benjamin ay asong-gubat na nanlalapa, sa umaga'y nilalapa ang kanyang nahuli at kinahapuna'y hinahati ang mga nasamsam!"

Pagkamatay at paglilibing kay Jacob

²⁸Ito ang labindalawang tribu ng Israel at ito ang sinabi ng kanilang ama nang basbasan sila sa pagbibigay sa bawat isa ng pagpapalang tangi at angkop sa kanya. ²⁹At pagkatapos, ibinigay niya ang mga tagubiling ito: "Malapit na akong yumao sa aking mga ninuno! Ilibing ninyo ako sa tabi ng aking mga ninuno, sa yungib sa lupa ni Efrong Heteo, ³⁰sa yungib sa lupa ng Makpela sa dakong silangan ng Mambre sa Kanaan, sa lupang binili ni Abraham kay Efrong Heteo bilang libingan. ³¹Doon inilibing si Abraham at si Sarang asawa niya. Doon din inilibing si Isaac at si Rebecang asawa niya. At doon ko rin inilibing si Lea. ³²Ang lupa at ang yungib doon ay binili sa mga Heteo."

• **50.15** Bigyang-pansin ang pagkamatay nina Jacob at Jose: hindi pa alam ng mga sumasampalataya noong unang panahon ang Pagkabuhay ng Mga

³³Matapos ibigay ni Jacob ang mga tagubiling ito sa kanyang mga anak, iniunat niya ang kanyang mga paa sa higaan, nalagutan siya ng hininga at yumao sa kanyang mga ninuno.

50 ¹Niyakap ni Jose ang kanyang ama, umiyak at hinalikan ito. ²At gaya ng iniutos ni Jose sa kanyang mga mang-gagamot, inimbalsamo nila ang kanyang amang si Israel. ³Tumagal ito nang apatnapung araw, ang panahong kailangan sa pag-eembalsamo. Pitumpung araw na nagluksa ang mga Ehipsiyo.

⁴Pagkatapos ng panahon ng pagluluksa, kinausap ni Jose ang sambahayan ni Paraon: "Kung gusto ninyong magmagandang-loob sa akin, pakisabi kay Paraon na ⁵samantalang naghihingalo ang aking ama, pinasumpa niya akong ilibing ko siya sa libingang inihanda niya sa Kanaan. Ipakiusap ninyo sa kanya na payagan akong makaalis para ilibing ang aking ama. Babalik ako." ⁶Ipinasabi naman ni Paraon: "Umalis ka at ilibing ang iyong ama ayon sa ipinapangako niya sa iyo."

⁷Umahon si Jose para ilibing ang kanyang ama at sinamahan siya ng lahat ng opisyal ni Paraon, ng mga matatanda sa sambahayan nito at lahat ng matatanda ng Ehipto ⁸pati ang buong sambahayan ni Jose, at ang kanyang mga kapatid at ang sambahayan ng kanyang ama. Ang kanilang mga anak lamang at mga tupa at mga baka ang naiwan sa lupain ng Gosen. ⁹Umahong kasama niya ang mga karwahe at mga mangangabayo. Napakalaking pulutong!

¹⁰Pagdating nila sa giikan ng Atad, sa kabilang-ibayo ng Jordan, tumangis sila nang malakas, at pitong araw na ipinagluksa roon ni Jose ang kanyang ama. ¹¹Nang makita ng mga Kanaan ang ganitong pagluluksa sa giikan ng Atad, kanilang sinabi: "Ito ang pagluluksa ng mga Ehipsiyo." Kaya tinawag na Abel Misraim ang lugar na iyon sa kabilang-ibayo ng Jordan. ¹²Tinupad ng mga anak ni Jacob ang kanyang iniutos. ¹³Dinala nila siya sa lupain ng Kanaan at inilibing sa yungib sa lupa ng Makpela na malapit sa Mambre - na binili ni Abraham kay Efrong Heteo bilang libingan.

¹⁴Pagkalibing ni Jose sa kanyang ama, bumalik siya sa Ehipto kasama ang kanyang mga kapatid at lahat ng nakipaglibing sa kanya.

Mga huling taon ni Jose

• ¹⁵Dahil patay na ang kanilang ama, nag-

Patay. Isinabuhay nila nang lubos ang buhay na bigay sa kanila ng Diyos sa daigdig na ito. Pinatubayan sila ng matibay na paniwalang sa pagiging matapat nila sa

usap-usap ang mga kapatid ni Jose: “Paano ngayon kung may sama pa ng loob sa atin si Jose at gantihan tayo sa masamang ginawa natin sa kanya?” ¹⁶Kaya nagpasabi sila kay Jose: “Bago mamatay ang iyong ama, sinabi niya sa amin ¹⁷na sabihin ito sa iyo – Utang na loob, patawarin mo na ang krimen at kasalanan ng iyong mga kapatid sa paggawa nila sa iyo ng masama. Patawarin mo na ang krimen ng mga lingkod ng Diyos ng iyong ama.” Umiyak si Jose nang matanggap ang mensaheng ito. ¹⁸Pinuntahan siya ng kanyang mga kapatid at dumapa sa harap niya. Sinabi nila: “Mga alipin mo kami.” ¹⁹Ngunit sinabi sa kanila ni Jose: “Huwag kayong matakot. Ako ba ang nasa lugar ng Diyos? ²⁰Binalak ninyo akong gawan ng masama, ngunit binalak naman ng Diyos na maging mabuti ito upang isakatuparan ang nagaganap ngayon – ang iligtas ang maraming tao. ²¹Kaya huwag kayong matakot! Ako ang magpapakain sa inyo at sa inyong mga anak.”

At inaliw nga niya sila at kinausap nang puso sa puso.

²²Nanatili sa Ehipto si Jose kasama ang buong sambahayan ng kanyang ama. Nabuhay siya nang isandaa’t sampung taon, ²³at nakita niya ang mga apo sa tuhod ni Efraim. At nailagay din sa kanyang mga tuhod ang mga anak ni Makir na anak ni Manases pagkapanganak sa mga iyon.

²⁴At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid: “Mamamatay na ako, pero tiyak na aalalahanin kayo ng Diyos at dadalhin kayo mula sa lupaing ito papunta sa lupaing ipinangako niya kina Abraham, Isaac at Jacob.” ²⁵At pinasumpa ni Jose ang mga anak ng Israel sa pagsasabing “Sa pagdalaw ng Diyos sa inyo para ilabas kayo mula rito, dalhin ninyo ang aking mga buto.” ²⁶Isandaa’t sampung taon si Jose nang mamatay; inimbalsamo nila siya at inilagay sa isang ataul sa Ehipto.

kanilang misyon ay gumagawa sila para sa isang mas mabuting daigdig na makikita ng kanilang mga inapo. Sa mahaba at maligayang mga taon na ibinigay sa kanila ng Diyos pagkatapos ng kanilang mga pag-subok, naunawaan nila na makatarungan at nagma-magandang-loob ang Diyos sa lahat.

Subalit napakalaki ang kulang nila upang malubos ang kasiyahan habang wala pa silang pag-asa sa kabilang-buhay. Inisip nila na pagkamatay ng tao, may kung anong bahagi niya ang pumupunta para mabuhay sa ilalim ng lupa *sa piling ng kanyang mga ninuno*, isang lugar na wala ang Diyos pati na ang mga kabalisahan at ngay ng buhay. Akala nila’y pababayaan na silang maglaho magpakailanman ng Diyos na kanilang kaibigan at matapat na tagapagtanggol.

Tiyak na kinailangan nilang sansalain ang kanilang mga pag-asam at patahimikin ang kanilang mga pag-dududa para makumbinsi ang kanilang sarili na iyon ang mabuti at makatarungan.

Sa pagsisikap nilang tanggapin nang maluwag ang mga pangyayari, naging seryoso sila, masusi at nasa ilalim ng mahiwagang kalooban ng Diyos. Ngunit kapalit naman nito’y wala sa kanila ang kaligayahan, ang pagiging natural na bagay sa mga bata, at ang maalab na pagmamahal sa kanilang Tagapagligtas. Sa bahaging ito, wala silang gaanong ipinag-iba sa mabubuting walang-Diyos o sa mga mananampalatayang may mabuting kalooban pero walang gaanong alam, na nabubuhay ngayon nang walang pananampalataya sa muling pagkabuhay.